# Gumising!

ABRIL 2007



## ANO ANG KAHULUGAN NG
# PAGBABA NG MORAL?

SA ISYU RING ITO: ANO ANG KAHULUGAN NG PAGIGING KRISTIYANO? PAHINA 26

# Gumising!

KATAMTAMANG LIMBAG **34,267,000**
INILALATHALA SA **81** WIKA



## Ano ang Kahulugan ng PAGBABA NG MORAL? 3-10

Biglang bumaba ang moral sa buong daigdig. Kailan ito nangyari, at bakit? Saan kaya hahantong ang ating daigdig?



## Bakit ba Lagi Akong Ikinukumpara sa Iba? 11

Bakit napakasakit maikumpara sa iba? May maganda ba itong naidudulot?

## Polen—Ang Alabok ng Buhay 16

Ano ba ang polen? At ano ang papel nito sa pagpapatuloy ng buhay?



3 Pagbaba ng Moral sa Buong Daigdig
4 Kung Kailan Biglang Bumaba ang Moral
8 Saan Kaya Hahantong ang Daigdig na Ito?
14 Mula sa Ehipto Tungo sa mga Lunsod sa Buong Daigdig
19 Mas Nagtatagal Kaysa sa Sining
23 Isang Maringal na Monolito
24 Pagtitina ng Tela—Noon at Ngayon
26 Ang Pangmalas ng Bibliya
Ano ang Kahulugan ng Pagiging Kristiyano?
28 Bakit Kaya Ako Hinihimatay?
29 Mula sa Aming mga Mambabasa
30 Pagmamasid sa Daigdig
31 Paano Mo Sasagutin?
32 “Napakabisang Gamit sa Pagtuturo!”

# PAGBABA NG MORAL sa Buong Daigdig

**"KABI-KABILA** ang pandaraya," ang sabi ni David Callahan, na sumulat ng bagong aklat na *The Cheating Culture.* Bukod sa iba pang uri ng pandaraya sa Estados Unidos, binanggit niya "ang pandaraya ng mga estudyante sa haiskul at kolehiyo," "pamimirata" ng mga musika at pelikula, "pagnanakaw sa panahon ng trabaho," "malawakang katiwalian sa larangan ng panggagamot," at paggamit ng *steroids* sa isport. Bilang konklusyon, sinabi niya: "Idagdag pa ang lahat ng uri ng paggawing labag sa batas at etika, masasabing napakapalasak na nga ng krisis sa moral."

Sinabi ng *The New York Times* na ang Bagyong Katrina na sumalanta sa Estados Unidos noong Agosto 2005 ay "nagdulot ng pinakamalalang halimbawa ng pandaraya, maiitim na pakana at nakagugulantang na mga katiwalian sa gobyerno na naganap sa modernong kasaysayan." Isang senador sa Estados Unidos ang nag-ulat: "Ang tahasang pandaraya, garapal na mga pakana, paglustay ng salapi—talagang nakapaninikip ito ng dibdib."

May mababait na tao pa rin naman sa ngayon. (Gawa 27:3; 28:2) Subalit madalas nating naririnig: "Paano naman ako? Meron ba ako diyan?" Waring halos lahat ay may saloobing, ako muna.

Noon, sinasabing ang mahalay at walang-pakundangang paggawi ay isa sa naging dahilan ng pagbagsak ng mga sibilisasyon na gaya ng Imperyo ng Roma. Ang mga nagaganap kaya ngayon ay pasimula lamang ng isang mas kahindik-hindik na mangyayari sa hinaharap? Ang apat na sulok ba ng daigdig ay apektado na ngayon ng "paglago ng katampalasanan," na inihula ng Bibliya na magiging tanda ng katapusan ng buong sistemang ito ng mga bagay?—Mateo 24:3-8, 12-14; 2 Timoteo 3:1-5.

### Pagbaba ng Moral sa Buong Daigdig

Ang *Africa News* ng Hunyo 22, 2006, na nag-uulat tungkol sa isang "pag-aaral hinggil sa seksuwal na pang-aabuso at pornograpya" sa lugar ng mahihirap sa Uganda, ay nagsabing "dahil sa kapabayaan ng mga magulang, lumaganap tuloy ang prostitusyon at pang-aabuso sa droga sa lugar na iyon." Iniulat ng pahayagan: "Sinabi ni Mr. Dhabangi Salongo, ang nangangasiwa sa Child and Family Protection Unit sa himpilan ng pulis sa Kawempe, na lumaki nang husto ang bilang ng pang-aabuso sa mga bata at ng karahasan sa tahanan."

Ayon sa isang doktor sa India, "nawawalan na ng halaga ang pamana ng kultura sa lipunan." Isang direktor sa pelikula roon ang nagsabi na "ang paglaganap ng droga at seksuwal na imoralidad ay isa pang palatandaan na papalubog na rin ang India sa lusak na kinasadlakan ng 'Kanluraning Daigdig.'"

Sinabi ni Hu Peicheng, kalihim-panlahat ng China Sexology Association sa Beijing: "Noong panahon namin, alam namin kung ano ang tama at mali. Ngayon, puwede na nating gawin ang lahat ng gusto natin." Ganito naman ang sabi ng isang artikulo sa magasing *China Today:* "Tanggap na ng lipunan ang pangangaliwa sa asawa."

"Halos lahat ay payag nang maghubad at maglantad ng katawan para kumita," ang sabi kamakailan ng *Yorkshire Post* ng Inglatera. "Nitong nakalipas na henerasyon, galit na galit dito ang mga tao. Ngayon, kabi-kabila na ang iba't ibang mahahalay na larawan at ang pornograpya . . . ay naging bahagi na ng lipunan." Dagdag pa ng pahayagan: "Ang mga babasahin at pelikulang dati'y para lamang sa mga 18-anyos pataas ay karaniwan na ngayong pinanonood ng buong pamilya at, ayon sa mga kampanya laban sa pornograpya, madalas na mga bata ang target nito."

Ang *The New York Times Magazine* ay nagsabi: 'Normal na lamang sa ilang kabataan na pagkuwentuhan ang mga karanasan nila sa pakikipagtalik, na para bang nag-uusap lamang sila tungkol sa kakainin nila sa kapiterya.' Isang magasing nagbibigay ng patnubay sa mga magulang na may mga anak na 8 hanggang 12 taóng gulang (*Tween News*) ay nagsabi: "Sa sulat-kamay ng isang batang babae, isang mensaheng kumukurot sa puso ang sinabi niya: 'Pinipilit po ako ng Mommy ko na makipag-*date* at makipagtalik sa mga lalaki. Ako po'y 12 taóng gulang lamang . . . tulungan n'yo po ako!'"

Ibang-iba na talaga ang panahon! Sinabi ng *Toronto Star* ng Canada na hindi pa natatagalan, "ang ideya pa lamang ng pakikipagrelasyon sa mga bakla o mga tomboy ay kasuklam-suklam na." Gayunman, sinabi ni Barbara Freemen, guro sa kasaysayang panlipunan sa Carleton University, Ottawa: "Ganito ang sinasabi ngayon ng mga tao, 'Buhay ko ito. Ayokong may nakikialam sa akin.'"

Maliwanag, sa nakalipas na ilang dekada, mabilis na bumaba ang moral sa maraming lugar sa daigdig. Bakit kaya nagkaganito? Ano ang masasabi mo tungkol dito? At ano ang ipinahihiwatig nito na mangyayari sa hinaharap?

# Kung Kailan BIGLANG BUMABA ang Moral



**KAILAN** mo masasabing nagsimula ang biglang pagbaba ng moral? Sa panahon mo ba o marahil sa panahon ng nakatatanda mong mga kamag-anak o kaibigan? May nagsasabing ang Digmaang Pandaigdig I, na sumiklab noong 1914, ang naging dahilan ng walang-kaparis na pagbaba ng moral sa ating panahon. Ang propesor sa kasaysayan na si Robert Wohl ay sumulat


**Gumising!**

**ANG BABASAHING ITO AY INILALATHALA** upang magbigay-liwanag sa buong pamilya. Ipinakikita nito kung paano haharapin ang mga suliranin ngayon. Iniuulat nito ang mga balita, inilalahad ang tungkol sa mga tao sa maraming lupain, sinusuri ang relihiyon at siyensiya. Subalit higit pa ang ginagawa nito. Masusi nitong sinusuri ang mga bagay-bagay at tinutukoy ang tunay na kahulugan ng kasalukuyang mga pangyayari, ngunit lagi itong neutral sa pulitika at hindi nagtatangi ng lahi. Pinakamahalaga, pinatitibay ng magasing ito ang tiwala sa pangako ng Maylalang tungkol sa isang payapa at tiwasay na bagong sanlibutan na malapit nang humalili sa kasalukuyang napakasama at magulong sistema ng mga bagay.


*Awake!* (ISSN 0005-237X) is published monthly in the United States by Watchtower Bible and Tract Society of New York, Inc.; M. H. Larson, President; G. F. Simonis, Secretary-Treasurer; 25 Columbia Heights, Brooklyn, NY 11201-2483, U.S.A., and in the Philippines by Watch Tower Bible and Tract Society of the Philippines, Inc., P.O. Box 2044, 1060 Manila, R.P. Periodicals Postage Paid at Brooklyn, NY, and at additional mailing offices. Entered as second-class matter at the Manila Central Post Office on September 12, 1961. ***Ang pagbabago ng adres*** ay dapat naming matanggap 30 araw bago ang petsa ng iyong paglipat. Ipadala sa amin ang iyong dati at bagong adres (kung maaari, ang iyong dating *address label*).


© 2007 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania. Reserbado ang lahat ng karapatan. Inilimbag sa R.P.





Abril 2007, Tomo 88, Blg. 4 Monthly TAGALOG



sa kaniyang aklat na *The Generation of 1914:* “Natanim na sa isip ng mga nakaligtas sa digmaan ang paniniwalang may isang daigdig na natapos at may isang nagsimula noong Agosto 1914.”

“Saanman, ang mga pamantayan ng paggawi—na mababa na—ay tuluyan nang naglaho,” ang sabi ng istoryador na si Norman Cantor. “Kung parang mga hayop na kakatayin ang pagtrato ng mga pulitiko at heneral sa milyun-milyong sakop nila, ano pa kayang tuntunin ng relihiyon o etika ang makapagbabawal sa mga tao na huwag tratuhin ang isa’t isa na parang mga hayop? . . . Lubusan nang pinababa ng brutal na pamamaslang noong Unang Digmaang Pandaigdig [1914-18] ang halaga ng buhay ng tao.”

Sa kaniyang komprehensibong akda na *The Outline of History*, sinabi ng istoryador na Ingles na si H. G. Wells na nang yakapin ang teoriya ng ebolusyon, “talagang bumaba na ang moralidad ng tao.” Bakit? Iniisip ng ilan na ang tao ay isa lamang nakatataas na uri ng hayop. Si Wells, isang ebolusyonista, ay sumulat noong 1920: “Ang tao, sabi nila, ay isang hayop na namumuhay kasama ng kaniyang kauri at pangkat-pangkat na naninilang gaya ng isang uri ng mabangis na aso sa India . . . , kaya naman tanggap na nila na kung sino ang mas makapangyarihan, siya ang may karapatang manindak at manupil.”

Oo, gaya ng sinabi ni Cantor, napakalaki ng naging epekto ng unang digmaang pandaigdig sa pagkasira ng moralidad ng tao. Ipinaliwanag niya: “Isinisisi sa naunang henerasyon ang lahat ng pagkakamali—sa pulitika, sa pananamit, sa mga paggawi hinggil sa sekso.” Ang mga relihiyon, na sumira sa mga turong Kristiyano dahil sa pagyakap nila sa teoriya ng ebolusyon at panunulsol sa naglalabanang mga bansa, ay nagkaroon ng malaking epekto sa pagbaba ng moral. Sumulat ang Britanong Brigadyer Heneral na si Frank Crozier: “Ang mga Simbahang Kristiyano ang pinakamagaling na promotor sa pagbububo ng dugo na sinamantala naman natin.”

### Winalang-Halaga ang mga Tuntunin sa Moralidad

Noong dekada ng 1920 pagkatapos ng Digmaang Pandaigdig I, ang dating

**“Lubusan nang pinababa ng brutal na pamamaslang noong Unang Digmaang Pandaigdig [1914-18] ang halaga ng buhay ng tao”**

***Mga Wika:*** Afrikaans, Albaniano, Aleman,#+ Amharic, Arabe, Bulgariano, Cebuano, Chichewa, Croatiano, Czech,# Danes,+ Estoniano, Georgiano, Griego, Hapones,#+ Hebreo, Hiligaynon, Hungaryo, Iloko, Indones, Ingles,+⊙ Italyano,#+ Kastila,#+⊙ Koreano,#+ Latviano, Lituaniano, Macedoniano, Malagasy, Malayalam, Myanmar, Norwego,+ Olandes,+ Pinlandes,+ Polako,#+ Portuges,#+ Pranses,#+ Romaniano, Ruso,+ Serbiano, Sesoto, Sinhala, Slovako, Sloveniano, Swahili, Sweko,+ Tagalog, Tamil, Thai, Tsino, Tsino (Pinagaan), Tsonga, Tswana, Turkiyano, Ukrainiano, Xhosa, Zulu

# *Makukuha rin sa audiocassette.*

+ *Makukuha rin sa CD.*

⊙ *Makukuha rin sa MP3 CD-ROM.*

Ang paglalathala ng *Gumising!* ay bahagi ng pambuong-daigdig na pagtuturo sa Bibliya na tinutustusan ng kusang-loob na mga donasyon. Malibang iba ang ipinakikita, ang mga pagsipi sa Kasulatan ay mula sa makabagong-wikang *Bagong Sanlibutang Salin ng Banal na Kasulatan.*

***Nais mo ba ng higit pang impormasyon? Sumulat sa mga Saksi ni Jehova sa angkop na adres: America, United States of:*** Wallkill, NY 12589. ***Australia:*** Box 280, Ingleburn, NSW 1890. ***Britain:*** The Ridgeway, London NW7 1RN. ***Canada:*** Box 4100, Halton Hills (Georgetown), Ontario L7G 4Y4. ***Cyprus:*** P.O. Box 11033, CY-2550 Dali. ***Germany:*** Niederselters, Am Steinfels, D-65618 Selters. ***Greece:*** 77 Kifisias Ave., GR-151 24, Marousi, Athens. ***Hawaii 96819:*** 2055 Kam IV Road, Honolulu. ***Hong Kong:*** 4 Kent Road, Kowloon Tong. ***Italy:*** Via della Bufalotta 1281, I-00138 Rome RM. ***Japan:*** 4-7-1 Nakashinden, Ebina City, Kanagawa Pref., 243-0496. ***New Zealand:*** P.O. Box 75-142, Manurewa. ***Philippines, Republic of:*** P.O. Box 2044, 1060 Manila. ***Spain:*** Apartado postal 132, 28850 Torrejón de Ardoz (Madrid). ***Taiwan 327:*** 3-12, Lin 7, Shetze, Hsinwu.

mga pamantayan at pagbabawal sa moral ay binale-wala na at pinalitan na ng tuntuning kahit ano puwede. Nagkomento ang istoryador na si Frederick Lewis Allen: "Ang sumunod na sampung taon pagkatapos ng digmaan ay angkop na tawaging Dekada ng Masasamang Asal. . . . Nang maglaho ang dating daigdig, naglaho na rin ang mga pamantayang nagbigay ng kasaganaan at kabuluhan sa ating buhay, at mahirap nang bumuo ng panibagong pamantayang kahalili nito."

Ang Great Depression noong dekada ng 1930 ay nagsadlak sa maraming tao sa labis na kahirapan. Pero nang magtatapos na ang dekada, nagkaroon na naman ng isa pang mas mapangwasak na digmaan—ang Digmaang Pandaigdig II. Di-nagtagal, gumawa ang mga bansa ng kahindik-hindik na mga armas na pamuksa. Naisalba nga nito ang daigdig mula sa Depression ngunit isinadlak naman ito sa pagdurusa at takot na hindi kayang abutin ng isip ng tao. Nang matapos ang digmaan, daan-daang lunsod ang napinsala; dalawa sa Hapon ang nawasak dahil lamang sa tig-isang bomba atomikang inihulog dito! Milyun-milyon ang namatay sa nakapangingilabot na mga kampong piitan. Lahat-lahat, ang paglalabanang ito ay kumitil sa buhay ng mga 50 milyong lalaki, babae, at bata.

Sa panahon ng kakila-kilabot na Digmaang Pandaigdig II, sa halip na manghawakan sa tradisyonal na pamantayan ng kagandahang-asal, gumawa ang mga tao ng sarili nilang mga tuntunin sa paggawi. Sinabi ng aklat na *Love, Sex and War—Changing Values, 1939-45:* "Waring nawalan na ng pagpipigil sa sekso ang mga tao noong panahon ng digmaan, dahil ginawa na ring lisensiya ng mga sibilyan ang digmaan para maging imoral. . . . Di-nagtagal, sinira na ng kaguluhan ng digmaan ang moralidad ng tao, at nagmistulang maikli at walang halaga ang buhay ng mga sibilyan gaya ng buhay ng mga sundalo."

Yamang palaging nasa bingit ng kamatayan ang buhay ng mga tao, hinangad nilang magkaroon ng karamay sa buhay kahit pansamantala lamang. Ipinagmatuwid ng isang Britanong asawang babae ang pagkunsinti sa imoral na gawain sa maliligalig na taóng iyon at nagsabi: "Hindi naman kami talaga imoral, may digmaan lamang kasi." Umamin ang isang sundalong Amerikano, "Imoral kami sa tingin ng marami, pero mga bata pa kami at puwede kaming mamatay anumang oras."

Nagdusa ang maraming nakaligtas sa digmaang iyon dahil sa malalagim na pangyayaring nasaksihan nila. Hanggang sa mga araw na ito, may ilan pa rin, pati na ang mga bata noon, na binabangungot ng nakalipas, anupat pakiramdam nila'y nangyayari na naman ito. Marami ang nawalan na ng pananampalataya at nawalan na rin ng tuntunin sa moral. Palibhasa'y wala nang galang sa anumang awtoridad na nagsasabi kung ano ang tama at mali, itinuring ng mga tao na lahat ng bagay ay may pasubali.

### Bagong Pamantayan sa Paggawi

Pagkatapos ng Digmaang Pandaigdig II, inilathala ang mga pag-aaral tungkol sa seksuwal na paggawi ng tao. Ang isa sa pag-aaral na ito sa Estados Unidos noong dekada ng 1940 ay ang Kinsey Report na may 800 pahina. Dahil dito, lantaran nang pinag-uusapan ng maraming tao ang tungkol sa sekso, na dati'y hindi nila karaniwang ginagawa. Bagaman sinasabing eksaherado ang mga istadistika sa ulat na iyon tungkol sa homoseksuwalidad at iba pang nakapandidiring paggawi sa sekso, isiniwalat ng pag-aaral ang mabilis na pagbaba ng moral pagkatapos ng digmaan.

May panahon din naman na sinikap mapanatili ang kagandahang-asal. Halimbawa, sinuri nila ang laman ng mga pelikula, programa sa radyo at telebisyon, at inalis ang anumang imoral na mga eksena. Subalit hindi ito nagtagal. Ipinaliwanag ni William Bennett, dating kalihim ng edukasyon sa Estados Unidos: "Pero pagsapit ng dekada ng 1960, tuluy-tuloy na bumulusok ang Amerika sa pagiging di-sibilisado." At nakita rin ito sa maraming lupain. Bakit kaya bumilis ang pagbaba ng moral noong dekada ng 1960?

Nang dekada ring iyon, halos magkasabay na lumitaw ang kilusan para sa kalayaan ng kababaihan at ang malaking pagbabago sa saloobin sa moral na tinatawag na bagong moralidad. Lumabas din ang mabibisang pildoras na iniinom upang hindi magdalang-tao. Yamang wala na ang takot na magdalang-tao, naging palasak na ang "pakikipagrelasyon nang walang pananagutan sa isa't isa."

Kasabay nito, naging maluwag na ang mga pamamahayag, pelikula, at telebisyon sa kanilang mga tuntunin sa moral. Nang maglaon, sinabi ni Zbigniew Brzezinski, dating pinuno ng National Security Council ng Estados Unidos, tungkol sa mga tuntuning ipinalalabas sa TV: "Maliwanag na kinukunsinti nila ang pagpapalugod sa sarili, ipinakikita nilang normal lamang ang matinding karahasan at kalupitan, [at] naeengganyo nila ang mga tao na maging imoral."

Pagsapit ng dekada ng 1970, nauso na ang mga *betamax*. Sa mismong bahay na nila napapanood ang malalaswang pelikula na hinding-hindi nila panonoorin sa mga sinehan. At ngayon, dahil sa Internet, kumalat na sa buong daigdig ang napakasasagwang pornograpya na makukuha ng sinumang may computer.

Nakatatakot ang mga resulta. "Noong nakalipas na sampung taon," ang sabi kamakailan ng warden sa isang bilangguan sa Estados Unidos, "kapag may mga batang nabibilanggo noon, nakakausap ko sila tungkol sa kung ano ang tama at mali. Pero ang mga batang nabibilanggo ngayon ay walang kaide-ideya sa aking sinasabi."

### Nasaan ang Patnubay?

Hindi natin makikita sa mga relihiyon sa daigdig ang patnubay sa moral. Sa halip na itaguyod ang matuwid na mga simulain gaya ng ginawa ni Jesus at ng kaniyang mga tagasunod noong unang siglo, ang mga relihiyon ay nakisangkot sa daigdig at sa mga kasamaan nito. Nagtanong ang isang manunulat: "Aling bansa sa digmaan ang hindi nagsasabing kakampi nila ang Diyos?" Hinggil sa pagtataguyod ng mga pamantayang moral ng Diyos, ganito ang sinabi ng isang klerigo sa New York City noong nakalipas na mga taon: "Ang relihiyon ang tanging organisasyon sa daigdig na may pinakamababang pamantayan anupat mas madali pang makapasok dito kaysa makasakay sa bus."

Maliwanag na kailangang-kailangan nang gumawa ng pagbabago upang malutas ang biglang pagbaba ng moral. Pero paano? Anong pagbabago ang kailangan? Sino ang makagagawa nito, at paano ito maisasagawa?



***Kabi-kabila na ang masasamang uri ng libangan***



# Saan Kaya Hahantong ang DAIGDIG NA ITO?

**NAPAKATAGAL** nang inihula ng Bibliya ang nangyayaring pagbaba ng moral ngayon at ganito ang pagkakalarawan dito: *"Sa mga huling araw* ay darating ang mga panahong mapanganib na mahirap pakitunguhan. Sapagkat ang mga tao ay magiging mga maibigin sa kanilang sarili, mga maibigin sa salapi, . . . mga masuwayin sa mga magulang, mga walang utang-na-loob, mga di-matapat, mga walang likas na pagmamahal, . . . mga mabangis, mga walang pag-ibig sa kabutihan, mga mapagkanulo, mga matigas ang ulo, mga mapagmalaki, mga maibigin sa mga kaluguran kaysa maibigin sa Diyos, na may anyo ng makadiyos na debosyon ngunit nagbubulaan sa kapangyarihan nito."—2 Timoteo 3:1-5.

Maaaring sang-ayon kang talagang ganito nga ang kalagayan ng daigdig ngayon ayon sa pagkakalarawan sa hulang ito ng Bibliya. Gayunman, iniulat ito halos 2,000 taon na ang nakalipas! Sinimulan ang hula sa mga salitang: *"Sa mga huling araw."* Ano ang ibig sabihin ng pananalitang "mga huling araw"?

### "Mga Huling Araw" ng Ano?

Naging bukambibig na ang pananalitang "mga huling araw." Sa wikang Ingles pa lamang, naging bahagi na ito ng titulo ng daan-daang aklat. Isang halimbawa rito ang bagong aklat na *The Last Days of Innocence—America at War, 1917-1918.* Nilinaw ng paunang-salita nito na kapag ginamit ng aklat ang terminong "mga huling araw," tumutukoy ito sa isang espesipikong panahon kung kailan bumaba na nang husto ang moral ng mga tao.

"Noong 1914," paliwanag ng paunang-salita ng aklat, "lalong bumilis higit kailanman ang pagbabago ng bansa." Sa katunayan, noong taóng 1914 lamang nagkaroon ng pandaigdig na digmaan sa kauna-unahang pagkakataon. Sinabi ng aklat: "Ito ay malawakang digmaan, ang paglalabanan hindi ng hukbo laban sa hukbo kundi ng bansa laban sa bansa." Ang digmaang ito, gaya ng maki-

kita natin, ay naganap sa pasimula ng tinatawag sa Bibliya na “mga huling araw.”

Itinuturo ng Bibliya na mararanasan ng daigdig na ito ang espesipikong panahon na tinatawag na “mga huling araw” bago ito tuluyang magwakas. Sa katunayan, sinasabi ng Bibliya na may isang sanlibutan noon na lumipas, o nagwakas, na ipinaliliwanag: “Ang sanlibutan *ng panahong iyon* ay dumanas ng pagkapuksa nang apawan ito ng tubig.” Anong panahon iyon, at anong sanlibutan ang nagwakas? Iyon ay ang sinaunang “sanlibutan ng mga taong di-makadiyos” na umiral noong panahon ni Noe. Ang sanlibutan ngayon ay magwawakas din. Ngunit ang mga naglilingkod sa Diyos ay makaliligtas, gaya rin ni Noe at ng kaniyang pamilya.—2 Pedro 2:5; 3:6; Genesis 7:21-24; 1 Juan 2:17.

### Ang Sinabi ni Jesus Tungkol sa Kawakasan

May binanggit din si Jesu-Kristo tungkol sa “mga araw ni Noe,” nang “dumating ang baha at tinangay silang lahat.” Pinaghambing niya ang kalagayan bago ang Baha—nang malapit nang magwakas ang daigdig na iyon—at ang kalagayang iiral sa panahong tinukoy niya bilang ang “katapusan ng sistema ng mga bagay.” (Mateo 24:3, 37-39) Ginamit ng ibang mga salin sa Bibliya ang pananalitang “katapusan ng mundo” o “katapusan ng panahon.”—*Magandang Balita Biblia,* at *Ang Biblia—Bagong Salin sa Pilipino.*

Inihula ni Jesus ang magiging kalagayan ng lupa kapag malapit nang magwakas ang sanlibutan. Tungkol sa digmaan, sinabi niya: “Ang bansa ay titindig laban sa bansa at ang kaharian laban sa kaharian.” Sinasabi ng mga istoryador na nagsimula ito noong 1914. Kaya naman tinukoy sa paunang-salita ng nasabing aklat ang 1914 bilang tanda ng pasimula ng “malawakang digmaan, . . . hindi ng hukbo laban sa hukbo, kundi ng bansa laban sa bansa.”

Sa kaniyang hula, sinabi ni Jesus: “Magkakaroon ng mga kakapusan sa pagkain at mga lindol sa iba’t ibang dako. Ang lahat ng mga bagay na ito ay pasimula ng mga hapdi ng kabagabagan.” Sinabi rin niya na bukod sa iba pang mga bagay, magkakaroon din ng *paglago ng katampalasanan.*” (Mateo 24:7-14) Talagang nakikita na natin ito sa ating panahon. Napakababa na ng moral anupat natutupad na nga ang hula sa Bibliya!

Paano tayo dapat mamuhay sa napakaimoral na panahong ito? Pansinin ang isinulat ni apostol Pablo sa mga Kristiyano sa Roma tungkol sa pagkabulok ng moral. Tinukoy niya ang “kahiya-hiyang mga pita sa sekso” ng mga tao, sa pagsasabi: “Kapuwa ang kanilang mga babae ay nagpalit ng likas na gamit

**Nang magwakas ang isang daigdig, may nakaligtas na mga taong may takot sa Diyos**

ng kanilang sarili tungo sa isa na salungat sa kalikasan; at gayundin maging ang mga lalaki ay nag-iwan ng likas na paggamit sa babae at nagningas nang matindi sa kanilang masasamang pita sa isa’t isa, mga lalaki sa mga kapuwa lalaki, na ginagawa ang malaswa.”—Roma 1:26, 27.

Sinasabi ng mga istoryador na habang papalubog ang mga tao sa pusali ng bulok na moralidad, “ang mga taong haling sa kaluguran na hindi sumasampalataya kay Kristo ay naaasiwa naman sa pagiging disente at banal ng maliit na grupo ng mga Kristiyano.” Isang dahilan ito upang huminto sandali at magtanong: ‘Kumusta naman ako at ang mga pinipili kong makasama? Kami ba’y malinis sa moral at naiiba sa mga taong namumuhay nang imoral?’ —1 Pedro 4:3, 4.

### Ang Ating Pakikipaglaban

Itinuturo sa atin ng Bibliya na kahit napalilibutan tayo ng mga imoral na tao, kailangan nating maging “walang kapintasan at walang muwang, mga anak ng Diyos na walang dungis sa gitna ng isang liko at pilipit na salinlahi.” Upang magawa ito, kailangan nating manatiling “mahigpit na nakakapit sa salita ng buhay.” (Filipos 2:15, 16) Ang sinabing ito ng Bibliya ang susi *kung paano* makapananatiling

walang bahid ng imoralidad ang mga Kristiyano—dapat nilang mahigpit na sundin ang mga turo ng Salita ng Diyos at kilalanin na ang mga pamantayan nito sa moral ang pinakamahusay na paraan ng pamumuhay.

Pursigido ang "diyos ng sistemang ito ng mga bagay," si Satanas na Diyablo, na akayin ang mga tao na pumanig sa kaniya. (2 Corinto 4:4) Sinasabi sa atin ng Bibliya na siya'y "laging nag-aanyong isang anghel ng liwanag." Ang kaniyang mga kampon, yaong mga naglilingkod sa kaniya sa pamamagitan ng pagtulad sa kaniya, ay nag-aanyo ring mga anghel ng liwanag. (2 Corinto 11:14, 15) Nangangako sila ng kalayaan at katuwaan, ngunit gaya ng sabi ng Bibliya, "sila mismo ay namumuhay bilang mga alipin ng kasiraan."—2 Pedro 2:19.

Huwag padaya. Ang mga nagwawalang-bahala sa mga pamantayan ng Diyos sa moral ay daranas ng napakasaklap na mga resulta. Sumulat ang salmista sa Bibliya: 'Ang kaligtasan ay malayo sa mga balakyot, sapagkat hindi nila hinahanap ang mga tuntunin ng Diyos.' (Awit 119:155; Kawikaan 5:22, 23) Kumbinsido ba tayo rito? Kung oo, ingatan natin ang ating isip at puso mula sa mga propagandang kumukunsinti sa imoralidad.

Pero marami ang nangangatuwiran, 'Hangga't hindi ilegal ang ginagawa ko, walang masama roon.' Mali ang pangangatuwirang ito. Ang ating makalangit na Ama ay maibiging nagbigay sa atin ng patnubay sa moral, hindi para higpitan at gawing kabagut-bagot ang buhay mo, kundi para ingatan ka. Siya ay "nagtuturo sa iyo upang makinabang ka." Gusto niyang makaiwas ka sa kapahamakan at maging masaya ang iyong buhay. Oo, gaya ng itinuturo ng Bibliya, "hawak [ng mga naglilingkod sa Diyos] ang pangako sa buhay ngayon at yaong darating." Iyon ang "tunay na buhay," walang-hanggang buhay sa kaniyang ipinangakong bagong sanlibutan!—Isaias 48:17, 18; 1 Timoteo 4:8; 6:19.

Kaya nga paghambingin mo ang mga kapakinabangang dulot ng pagsunod sa mga turo ng Bibliya at ang sakit ng damdaming daranasin ng mga hindi sumusunod dito. Tunay ngang pinakamagandang bagay sa buhay mo na matamo ang pagsang-ayon ng Diyos dahil nakinig ka sa kaniya! "Kung tungkol sa sinumang nakikinig sa akin," ipinangako ng Diyos, "tatahan siya nang tiwasay at hindi maliligalig ng panghihilakbot sa kapahamakan."—Kawikaan 1:33.

**Isang Lipunang Malinis sa Moral**

Sinasabi ng Bibliya na kapag lumipas na ang sanlibutang ito, "ang balakyot ay mawawala na." Sinasabi pa nito: "Ang mga matuwid ang siyang tatahan sa lupa, at ang mga walang kapintasan ang siyang maiiwan dito." (Awit 37:10, 11; Kawikaan 2:20-22) Kaya lilinisin ang lupa mula sa lahat ng natitirang imoralidad, pati na ang mga ayaw sumunod sa kapaki-pakinabang na mga turo ng ating Maylalang. Ang paraisong lupa, gaya ng dakong pinaglagyan ng Diyos sa unang mag-asawa, ay unti-unting ibabalik sa buong daigdig ng mga umiibig sa Diyos.—Genesis 2:7-9.

Isip-isipin na lamang ang kasiyahan ng pamumuhay sa gayon kalinis at kagandang paraiso! Kabilang sa magkakaroon ng pribilehiyong masaksihan iyon ay ang bilyun-bilyong bubuhaying muli. Nakatutuwa ang mga pangako ng Diyos: "Ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, at tatahan sila roon magpakailanman." "Papahirin [ng Diyos] ang bawat luha sa kanilang mga mata, at hindi na magkakaroon ng kamatayan, ni ng pagdadalamhati o ng paghiyaw o ng kirot pa man. Ang mga dating bagay ay lumipas na."—Awit 37:29; Apocalipsis 21:3, 4.



***Matapos magwakas ang sanlibutang ito, magiging paraiso na ang lupa***

ANG MGA KABATAAN AY NAGTATANONG...

# Bakit ba lagi akong ikinukumpara sa iba?



***"Inis na inis ako kapag ikinukumpara ako sa iba ng aking mga magulang at mga guro."—Mia.****

***"Kapag ikinukumpara ako, parang wala akong silbi dahil noon pa man ay gusto ko nang maging katulad ng taong pinagkukumparahan sa akin." —April.***

SA PAARALAN, pinagagalitan ka ng iyong guro dahil hindi ka magaling sa matematika na gaya ng iyong kaklase. Sa bahay naman, sinesermunan ka ng nanay mo dahil hindi ka maimis na gaya ng iyong kapatid. May nagsasabi pa, "Napakaganda ng nanay mo noong nasa edad mo siya!" Masakit ito dahil iniisip mong napapangitan siguro sa iyo ang taong iyon. "Bakit hindi *ako* ang nakikita ng mga tao?" ang gusto mong isigaw. "Bakit ba lagi akong ikinukumpara sa *iba?*"

Bakit kaya napakasakit maikumpara sa iba? May *maganda* ba itong maidudulot? Paano mo ito haharapin?

### Bakit Masakit Maikumpara sa Iba?

Ang isang dahilan kung bakit masakit maikumpara sa iba ay sapagkat apektado nito kung minsan ang iyong damdamin. Ang naririnig mo sa mga tao ay madalas na siya ring sinasabi mo sa iyong sarili. Halimbawa, inamin ni Becky, "Napapatingin ako sa mga popular na kabataan sa aming paaralan at nag-iisip, 'Kung katulad sana nila ako, mas maraming matutuwa sa akin.'"

Bakit kaya nagkakaroon ng ganitong negatibong damdamin? Tingnan natin ang nangyayari sa iyo sa pisikal, emosyonal, at mental na paraan. Maaaring mabilis na nagbabago ang iyong katawan. Nahihirapan kang makitungo sa iyong mga magulang. Baka lubhang nagbago na ang tingin mo sa mga hindi mo kasekso. Kaya marahil ay itatanong mo, 'Normal ba ako?'

Marahil ay iniisip mong masasagot lamang ito kung ikukumpara mo ang iyong sarili sa ibang kabataang dumaranas din ng ganitong mga pagbabago. At dito na nagkakaproblema! Kung *waring* nakalalamang sila sa iyo, nagiging negatibo ang iyong damdamin. Kaya kapag nagtanong ang ilang adulto, 'Bakit hindi mo tularan si ganito't ganoon?' iisipin mong totoo nga ang kinatatakutan mo—hindi ka nga normal!

May ibang dahilan naman si April kung bakit masakit maikumpara. "Kapag ikinukumpara ka ng mga tao sa iba," ang sabi niya, "lalo na sa isang malapít sa iyo, maaaring maging dahilan ito ng pagkainggit at pagkainis." Alam ito ni

* Binago ang mga pangalan.

Mia. Parang palagi kasi siyang ikinukumpara ng kaniyang mga magulang at guro sa kaniyang ate. “Sinasabi nila sa akin ang lahat ng nagawa niya noong nasa edad niya ako,” ang sabi ni Mia. Ang resulta? “Pakiramdam ko’y nagiging karibal ko si ate. Kung minsan, naiinis ako sa kaniya.”

Talagang may masamang epekto ang pagkukumpara. Tingnan natin ang nangyari sa pinakamatatalik na kasama ni Jesus. Nang huling gabi bago patayin si Jesus, bumangon ang “isang mainitang pagtatalo” sa gitna ng mga apostol. Bakit? Ikinukumpara nila ang kanilang sarili sa isa’t isa at nagtatalo “kung sino sa kanila ang waring pinakadakila.” (Lucas 22:24) Walang-alinlangang nakapipinsala nga ang ilang uri ng pagkukumpara. Pero *lahat* ba ng pagkukumpara ay masama?

*“Kapag pinapayuhan ako, ayokong ikinukumpara ako sa isang partikular na tao at sinasabing, ‘Dapat mong tularan si ganito’t ganoon,’ kundi sa halip, banggitin sana muna ang aking magagandang katangian at saka ako tulungang makita ang aking mga kahinaan sa maibiging paraan.”*—**Natalie**

### Ang Magandang Epekto ng Pagkukumpara

Tingnan natin ang kabataang si Daniel at ang kaniyang kasamang tatlong Hebreo, na binabanggit sa Bibliya. Ayaw kainin ng mga kabataang ito ang masasarap na pagkain ng hari ng Babilonya na ipinagbabawal ng kautusan ng Diyos. (Levitico 11:4-8) Para makumbinsi ang nangangalaga sa kanila, nagmungkahi si Daniel ng isang pagsubok. Iminungkahi niya na pagkatapos ng sampung araw na pagkain ng mga katanggap-tanggap na pagkain ayon sa Kautusan ng Diyos, ikukumpara ng nangangalaga ang mga kabataang Hebreo sa ibang mga kabataan sa looban ng hari. Ang resulta?

Ipinaliwanag ng Bibliya: “Sa pagwawakas ng sampung araw ang . . . mukha [ng mga Hebreo] ay nakitang mas mabuti at mas mataba ang laman kaysa sa lahat ng mga batang kumakain ng masasarap na pagkain ng hari.” (Daniel 1:6-16) Pansinin na ang magandang resulta ay hindi dahil sa sadyang nakalalamang si Daniel at ang kaniyang mga kasama sa ibang mga kabataan. Sa halip, pangunahin nang ito’y dahil sa pinili ng mga kabataang Hebreo na sundin ang mga kautusang ibinigay ng Diyos sa kaniyang bayan.

Naiisip mo bang kagaya ka ng mga kabataang Hebreong ito? Kung namumuhay ka ayon sa tuntunin ng Bibliya hinggil sa moral, tiyak na mapapaiba ka sa ibang kabataan. Baka ang ilang taong nakapapansin ng pagkakaiba ay nagtataka at “patuloy na nagsasalita nang may pang-aabuso tungkol sa [iyo].” (1 Pedro 4:3, 4) Ngunit nakikita naman ng iba ang magagandang resulta ng iyong mainam na paggawi, at posible pa ngang mapakilos silang mag-aral tungkol kay Jehova. (1 Pedro 2:12) Sa puntong ito, may magandang epekto nga ang maikumpara sa iba.

Nakatutulong din ang pagkukumpara sa iba pang paraan. Halimbawa, iniisip *mo* na mas nagagawa mo ang iyong mga trabaho sa bahay—kung ihahambing sa iyong mga kapatid. Pero maaaring iba naman ang pananaw ng iyong mga *magulang.* Para matulungan kang baguhin ang iyong pag-iisip, baka gamitin nila ang isang halimbawa sa Bibliya at hilingan kang ikumpara ang iyong saloobin at kilos sa saloobin at kilos ng karakter na iyon ng Bibliya.

Halimbawa, baka ipaalaala nito sa iyo na bagaman tinawag si Jesus na Panginoon at Guro, hinugasan niya ang mga paa ng kaniyang mga alagad. (Juan 13:12-15) Pagkatapos ay baka himukin ka nilang tularan ang kapakumbabaan at kasipagan ni Jesus. Sa katunayan, hinihimok ng Bibliya ang lahat ng Kristiyano, bata at matanda, na palaging ikumpara ang kanilang sarili kay Kristo at sikaping “maingat [na] sundan ang kaniyang mga yapak.” (1 Pedro 2:21) Ang uring ito ng pagkukumpara ay nagpapanatili sa atin na maging mapagpakumbaba at tumutulong sa atin na magkaroon ng personalidad na mas nakalulugod kay Jehova.

### Kung Paano Mapagtatagumpayan ang Negatibong Uri ng Pagkukumpara

Nakaiirita nga at nakasisira ng loob kapag ikinukumpara ka sa iyong kapatid o sa iyong kaedad. Paano mo ito mapagtatagumpayan? “Ang



*Puwede mong magalang na ipaliwanag ang nadarama mo kapag ikinukumpara ka sa iba*

kaunawaan ng tao ay tunay na nagpapabagal ng kaniyang galit," ang sabi ng marunong na si Haring Solomon. (Kawikaan 19:11) Paano makatutulong ang kaunawaan? Maaaring hindi ito ang palagay mo, pero ang isa na nagkukumpara, gaya ng isang magulang o guro, ay malamang na nagmamalasakit lang naman sa iyo. Sinabi ni Cathy na kapag ikinukumpara siya sa iba, iniisip niya na gusto lamang nilang makatulong. Nakita ni Cathy na kung titingnan pala sa positibong paraan, hindi siya gaanong masasaktan o maiinis.

Paano kung palagi ka na lamang ikinukumpara? Halimbawa, paano kung iniisip mong palagi ka na lamang ikinukumpara ng magulang mo sa iyong kapatid? Puwede mong kausapin ang iyong magulang at magalang na ipaliwanag sa kaniya ang nadarama mo kapag ikinukumpara ka niya sa iba. Baka naman hindi alam ng iyong magulang ang negatibong epekto nito sa iyo.

Gayunman, tandaan na may "panahon ng pagsasalita" at "panahon ng pagtahimik." (Eclesiastes 3:7) Sa halip na sumigaw sa galit kapag di-makatuwirang ikinumpara ka sa iba ng iyong magulang o ng sinuman, hintayin mo munang lumamig ang iyong ulo bago mo sila kausapin. Kung ganito ang gagawin mo, mas malamang na pakinggan ka nila.—Kawikaan 16:23.

Kung itutuon mo ang iyong pansin sa iyong magagandang katangian, madalas na hindi ka gaanong masasaktan kapag ikinumpara ka sa iba. Sinabi ni apostol Pablo kay Timoteo: "Huwag hamakin ng sinumang tao ang iyong kabataan." (1 Timoteo 4:12) Bata pa si Timoteo nang atasan siyang maglingkod bilang tagapangasiwang Kristiyano. Kaya posibleng di-makatuwirang ikinukumpara siya sa ibang lalaki na mas nakatatanda at mas makaranasan. Subalit ang gayong negatibong pagkukumpara ay walang saligan. Bagaman bata pa, marami na ring natamong karanasan si Timoteo noong kasama niyang naglalakbay si Pablo. Alam ni Timoteo kung paano mabisang gagamitin ang Salita ng Diyos. At talagang may malasakit siya sa kaniyang mga kapatid sa pananampalataya.—1 Corinto 4:17; Filipos 2:19, 20.

Kaya nga, kapag ikinumpara ka sa iba sa negatibong paraan, tanungin mo ang iyong sarili, 'May basehan ba ang kanilang sinasabi?' Kung totoo naman ang sinasabi nila, sikapin mong matuto mula roon. Pero kung waring hindi naman makatuwiran ang pagkukumpara—gaya ng, "Bakit ba hindi ka tumulad sa kapatid mo?"—sikapin mong maging balanse ang iyong pangmalas. Sikaping maging positibo.

Hindi sinusukat ng Diyos na Jehova ang iyong halaga sa pamamagitan ng pagkukumpara sa iyo sa ibang di-sakdal na tao. (Galacia 6:4) Hindi siya tumitingin sa panlabas na hitsura at nauunawaan niya ang iyong pagkatao ayon sa laman ng puso mo. (1 Samuel 16:7) Oo, nakikita ni Jehova hindi lamang kung sino ka kundi kung ano rin ang gusto mong gawin sa buhay mo. (Hebreo 4:12, 13) Alam niyang nagkakamali ka ngunit ang mabuting katangian mo ang tinitingnan niya. (Awit 130:3, 4) Kung alam mo ito, matutulungan kang mapagtagumpayan ang pagkukumpara.

**PAG-ISIPAN**

- Anong uri ng pagkukumpara ang kinaiinisan mo?
- Kapag lagi kang ikinukumpara sa iba ng mga magulang mo, paano mo ito haharapin?

Mas marami pang artikulo mula sa seryeng "Young People Ask . . ." ang mababasa sa *Web site* na **www.watchtower.org/ype**

# MULA SA EHIPTO TUNGO SA MGA LUNSOD SA BUONG DAIGDIG

MULA SA MGA MANUNULAT NG *GUMISING!* SA ITALYA

"SILA ay 'naglakbay' palabas sa kanilang pinagmulan," ang sabi ng magasing *Archeo* ng Italya, "anupat naging aktuwal na mga sagisag ng dakilang sibilisasyong gumawa sa mga ito." Malaon nang inilabas sa Ehipto ang karamihan sa mga ito at dinala sa mga lugar na gaya ng Istanbul, London, Paris, Roma, at New York. Napapansin marahil ng mga namamasyal sa Roma na ang karamihan sa mga kilalang liwasan ng lunsod ay nagagayakan nito. Ano ang mga ito? Mga obelisko!

Ang obelisko ay isang haliging bato na patulis, may apat na kanto, at ang pinakatuktok nito ay hugis piramide. Ang pinakamatandang obelisko ay mga 4,000 taon nang nakatayo. Maging ang pinakahuling itinayo ay mga 2,000 taon na.

Ang isang obelisko, karaniwang gawa sa pulang granito, ay isang napakalaking bloke ng bato na tinibag ng sinaunang mga Ehipsiyo at itinayo sa harap ng mga libingan at mga templo. Ang ilan ay napakatataas. Ang pinakamataas na nakatayo pa hanggang ngayon sa isang liwasan sa Roma ay umaabot nang 32 metro at mga 455 tonelada ang timbang. Karamihan sa mga ito ay nagagayakan ng sinaunang paraan ng pagsulat ng mga Ehipsiyo.

Ang layunin ng monumento ay upang parangalan ang diyos-araw na si Ra. Itinayo ang mga ito upang pasalamatan siya sa di-umano'y ibinibigay niyang proteksiyon at tagumpay para sa mga pinuno ng Ehipto at upang makahiling sa kaniya ng pabor. Sinasabing ginaya sa piramide ang hugis nito. Inilalarawan ng mga ito ang sinag ng araw na tumatagos sa lupa upang magbigay ng init at liwanag.

Bukod diyan, ginamit din ang mga obelisko upang parangalan ang mga Paraon. Ipinakikilala ng mga inskripsiyon nito ang iba't ibang pinuno ng Ehipto bilang "mahal ni Ra" o "kasingganda . . . ni Atum," na diyos ng araw kapag lumulubog ito. Ganito ang mababasa sa isang obelisko tungkol sa kahusayan ng isang paraon sa pakikipagdigma: "Ang kapangyarihan niya ay katulad ng kay Monthu [diyos ng digmaan], ang torong yumuyurak sa mga banyagang lupain at pumapatay sa mga rebelde."

Ang unang obelisko ay itinayo sa Ehipto sa lunsod ng Junu (ang On sa Bibliya), na sinasabing nangangahulugang "Lunsod ng Haligi," na marahil ay tumutukoy sa mga obelisko mismo. Ang Junu ay tinawag ng mga Griego na Heliopolis, nangangahulugang "Lunsod ng Araw," yamang ito ang pinakasentro ng pagsamba sa araw ng mga Ehipsiyo. Ang pangalang Griego na Heliopolis ay may kaugnayan sa pangalang Hebreo na Bet-semes, na nangangahulugang "Bahay ng Araw."

Ang makahulang aklat ng Bibliya na Jeremias ay bumabanggit sa pagkadurog ng "mga haligi ng Bet-semes, na nasa lupain ng Ehipto." Posibleng tumutukoy ito sa mga obelisko ng Heliopolis. Hinatulan ng Diyos ang idolatrosong pagsamba na inilalarawan ng mga ito.—Jeremias 43:10-13.

### Pagtitibag at Paglilipat

Makikita sa pinakamalaki sa mga monumentong ito kung paano ginagawa ang mga obelisko. Naroroon pa rin ito sa lugar mismo ng pinagtitibagan malapit sa Aswân, Ehipto. Matapos pumili ng isang malaking bato at pantayin ito, hinukay ng mga manggagawa ang palibot ng gagawing obelisko. Hinukay nila ang ilalim nito at siningitan ng mga biga, hanggang sa lubusan na itong umangat. Ang napakalaking batong ito na may timbang na 1,170 tonelada—mas mabigat sa anumang bloke ng batong tinibag ng sinaunang mga Ehipsiyo—ay ibababa sana noon sa Nilo at isasakay sa gabara patungo sa destinasyon nito.

Gaya ng nangyari, pinabayaan na ang obeliskong Aswân nang mapansin ng mga manggagawa na may lamat ito at hindi na puwedeng ayusin. Kung natapos ito, aabot sana ito sa taas na 42 metro, at ang pinakapaanan naman nito ay 4 metro por 4 metro. Wala pa ring nakaaalam kung paano naitayo ang mga obelisko.

### Mula Ehipto Patungong Roma

Noong 30 B.C.E., naging lalawigan ng Roma ang Ehipto. Gustung-gusto ng mga emperador ng


Luxor, Ehipto


Roma


New York


Paris

Roma na magayakan ang kanilang kabisera ng mga bantog na monumento, kaya naman umabot hanggang 50 obelisko ang inilipat sa Roma. Upang madala ito, kinailangang gumawa ng napakalalaking barko para dito. Kahit nailipat na sa Roma ang mga obelisko, may malapit na kaugnayan pa rin ito sa pagsamba sa araw.

Nang bumagsak ang Imperyo ng Roma, dinambong ito ng mga kalaban. Karamihan sa mga obelisko ay natumba at nalimutan na. Gayunman, nagkainteres ang mga papa na muling ipatayo ang mga obelisko na kinuha mula sa mga guho ng sinaunang lunsod. Sinabi ng Simbahang Katoliko Romano na ang mga obelisko ay “inialay ng isang haring Ehipsiyo sa Araw” at na ito’y “nagbibigay ng walang-kabuluhang parangal sa mga paganong templo.”


Nang muling itayo ang unang mga obelisko noong naghahari si Pope Sixtus V (1585-90), hinaluan ito ng pagpapalayas sa masasamang espiritu at pagbebendisyon, pati na ng pagwiwisik ng agua bendita at pagsusunog ng insenso. “Luminis ka [mula sa masamang espiritu],” ang paawit na sigaw ng isang obispo sa harap ng obeliskong Batikano, “upang mapasan mo ang banal na Krus at maging dalisay mula sa lahat ng karumihan ng paganismo at sa lahat ng kasamaan.”

Kaya habang pinagmamasdan ng isang turista ang mga obeliskong nakatayo sa Roma sa ngayon, malamang na iniisip niya ang pambihirang talino na ginamit upang makuha, madala, at maitayo ang mga ito. Nagtataka rin siya marahil kung bakit iginagayak sa lunsod ng mga papa ang mga monumentong ginagamit sa pagsamba sa araw—talaga ngang kakaibang kombinasyon!

# Polen
## ALABOK NG BUHAY

KAPAG tagsibol na, naglipana na ang mga bubuyog at ang hangin naman ay punô na ng polen. Para sa mga may alerdyi, ang polen ay parang sumpa sa halip na biyaya. Pero bago natin sabihing peste ang polen, tandaan natin ang papel na ginagampanan ng kakaibang alabok na ito. Magugulat tayo marahil kapag nalaman nating malaking tulong pala ito sa ating buhay.

Ano ba talaga ang polen? Ganito ang paliwanag ng *The World Book Encyclopedia:* "Ang polen ay binubuo ng pagkaliliit na butil na lumalabas sa sangkap na panlalaki ng mga halamang namumulaklak at namumunga ng kono." Sa madaling salita, ang mga halaman ay gumagawa ng polen para makagawa ng panibagong halaman. Gaya ng alam natin, sa mga tao, dapat pertilisahin ng semilya ng lalaki ang itlog ng babae para magkaanak. Gayundin naman, ang





## Tagapagdala ng Polen

### LANGAW AT UWANG

**Sila ang ilan sa mga nakakaligtaang bayani ng polinisasyon. Kung mahilig ka sa tsokolate, magpasalamat ka sa maliit na langaw na gumagawa ng mahalagang trabahong ito ng polinisasyon sa mga bulaklak ng punong kakaw.**

### BAYAKAN AT POSSUM

**Marami sa pinakamariringal na punungkahoy sa mundo, gaya ng kapok at *baobab,* ang nakadepende sa mga bayakan para sa polinisasyon. May ilang bayakan na hindi lamang sumisipsip ng nektar kundi kumakain din ng bunga at ikinakalat ang mga buto nito, anupat doble ang serbisyo nila. Sa Australia, ang maliliit na *marsupial* na kilala bilang mga *possum* ay pumupunta sa mga bulaklak para sumipsip ng nektar. Habang naroroon sila, inililipat ng mabalahibong katawan nila ang polen sa mga bulaklak.**



### PARUPARO

**Halos puro nektar lamang ang kinakain ng kaakit-akit na mga insektong ito at nakukuha nila ang mga polen habang nagpapalipat-lipat sa mga bulaklak. May ilang magagandang orkidya na umaasa lamang sa mga paruparo para sa matagumpay na polinisasyon.**



sangkap na pambabae ng isang bulaklak (ang pistil) ay nangangailangan ng polen mula sa sangkap na panlalaki (ang istamen) upang gawin itong pertilisado at mamunga.*

Napakaliit ng butil ng polen anupat hindi natin halos makikita ang mga ito kung hindi gagamitan ng mikroskopyo. Sa katunayan, makikita mula sa mikroskopyo ang pagkakaiba ng mga ito sa sukat at hugis depende sa uri ng halamang pinagkunan sa mga ito. Yamang hindi agad nabubulok ang polen, napag-aaralan ng mga siyentipiko ang iba't ibang disenyo ng butil ng polen na nahuhukay nila at mahalaga ito. Dahil dito, nakikilala nila ang mga halamang itinanim ng mga tao noong nakalipas na mga siglo. Mas mahalaga, sa pamamagitan ng natatanging disenyo ng bawat uri ng polen, nakikilala ng mga bulaklak ang polen na kauri nila.

* Ang pertilisasyon ay maaaring sa pamamagitan ng polinisasyon mula sa ibang halaman o polinisasyon sa sarili nito. Gayunman, dahil sa polinisasyon mula sa ibang halaman, nagiging sari-sari ang halaman at kung gayon ay mas malulusog at matitibay.

### Kung Paano Nalilipat ang Polen

Maraming halaman ang umaasa sa hangin upang mailipat ang kanilang polen kapag lumabas na ito sa *catkin* o kono dahil sa hihip ng hangin. Nalilipat din ng tubig ang polen ng ilang halamang nabubuhay roon. Dahil hindi sigurado ang polinisasyon sa pamamagitan ng hangin, ang mga punungkahoy at halamang nakadepende sa pamamaraang ito ay naglalabas ng pagkarami-raming polen.* Sa dami ng polen na lumalabas, hirap na hirap tuloy ang mga taong may alerdyi.

* Halimbawa, ang isang *catkin* lamang ng punong *birch* ay naglalabas na ng mahigit limang milyong butil ng polen, at ang isang karaniwang punong *birch* ay may libu-libong *catkin.*





## SUNBIRD AT HUMMINGBIRD

**Ang makukulay na ibong ito ay malimit na nagpapalipat-lipat sa mga bulaklak at sinisipsip ang nektar ng mga ito. Dumidikit ang polen sa mga balahibo sa noo at dibdib ng mga ibong ito.**

## BUBUYOG AT PUTAKTI

**Agad dumirikit ang polen sa mabalahibong katawan ng bubuyog gaya rin ng pagdikit ng alabok sa salamin sa mata, kung kaya napakahusay na tagapagdala ng polen ang mga bubuyog. Ang isang *bumblebee* lamang ay nakapagdadala na ng hanggang 15,000 butil ng polen. Dahil sa pagpasok ng mga *bumblebee* mula sa Inglatera noong ika-19 na siglo, malagung-malago na ngayon ang taniman ng halamang *clover* sa New Zealand, na siyang pangunahing kinakain ng mga alagang hayop doon.**

**Sa buong mundo, ang pukyutan ang pinakaimportanteng tagapagdala ng polen. Karaniwan nang dumadapo ito sa isang uri lamang ng bulaklak na tumutubo nang marami sa tabi ng bahay-pukyutan nito. Tinatantiya ng entomologong si Christopher O'Toole na "hanggang 30 porsiyento ng lahat ng pagkain ng tao ay tuwiran o di-tuwirang nakadepende sa polinisasyon ng mga bubuyog." Kailangan ang mga bubuyog sa polinisasyon ng almendras, mansanas, *plum, cherry,* at *kiwi.* Binabayaran ng mga magsasaka ang mga tagapag-alaga ng mga pukyutan para sa serbisyo ng bawat bahay-pukyutan.**



Bagaman malaki ang naitutulong ng hangin para madalhan ng polen ang maraming uri ng punungkahoy at mga damo, ang mga namumulaklak na halamang hiwa-hiwalay kung tumubo ay nangangailangan ng mas mahusay na sistema. Paano kaya naililipat ang polen mula sa gayong mga halaman tungo sa katulad na mga halamang tumutubo nang kilu-kilometro ang layo? Sa pamamagitan ng maaasahang paghahatid ng mga bayakan, ibon, at insekto! Pero siyempre, hindi nila basta ginagawa ito nang walang pakinabang.

Ang mga bulaklak na ito ay may nektar—isang masarap na pagkaing gustung-gusto ng mga tagapagdala ng polen. Habang pilit na sinisipsip ang nektar, nagdidikitan naman ang polen sa katawan ng mga ito. Sa paghanap ng iba pang nektar, naililipat nito ang polen sa susunod na bulaklak.

Ang mga insekto ang pinakamadalas gumawa ng polinisasyon, lalo na sa mga lupaing katamtaman ang klima. Di-mabilang na bulaklak ang dinadapuan nila araw-araw para sa nektar at polen.* Ganito ang paliwanag ni Propesor May Berenbaum: "Malamang na ang pinakaimportanteng tulong ng mga insekto sa kalusugan ng tao na hindi gaanong napapansin ay ang polinisasyon." Ang mga punungkahoy ay karaniwan nang namumulaklak at namumunga dahil sa polinisasyon mula sa ibang punungkahoy. Kaya nakita mo na kung gaano kahalaga sa ating kalusugan ang paglilipat ng polen.

* Sa isang kilo ng pulut-pukyutan, mga sampung milyong ulit na nagpapabalik-balik ang mga pukyutan sa bawat bulaklak.



*Mga orkidya na mukhang bubuyog*

**Kung Paano Inaakit ang mga Tagapaghatid ng Polen**

Kailangang akitin ng mga bulaklak ang tagapagdala ng polen at pakanin ito. Paano ito nagagawa ng mga bulaklak? Pinaglalaanan nito ng masarap na pahingahan sa silong ng araw ang mga tagapagdala ng polen. Ipinagmamalaki nila ang kanilang nektar at polen sa tulong ng ganda at amoy nila. Gayundin, maraming bulaklak ang nagbibigay ng direksiyon sa pamamagitan ng makukulay na tuldok at mga guhit nito. Dahil dito, natutulungan ang mga tagapagdala ng polen kung saan nila matatagpuan ang nektar.

Iba't ibang pang-aakit ang ginagawa ng iba't ibang bulaklak. May mga amoy-bulok para akitin ang mga langaw. May mga nanlilinlang para makatiyak na malalagyan sila ng polen. Halimbawa, ang mga orkidya na mukhang bubuyog ay dinadapuan ng mga bubuyog na gustong magparami sa pag-aakalang mga bubuyog din ang mga ito. May mga bulaklak naman na nanghuhuli ng mga insekto at pinakakawalan lamang ang mga ito kapag nalagyan na sila ng polen. "Sa larangan ng pagpapatubo ng halaman, wala nang hihigit pa sa husay, pagkaeksakto o talino ng pagtiyak na nalalagyan ng polen ang mga bulaklak," isinulat ng botanikong si Malcolm Wilkins.

Kung hindi ginawang kaakit-akit ng Maylalang ang mga bulaklak para magkaroon ng polinisasyon sa halaman, milyun-milyong halaman ang hindi na makapagpaparami. Ganito ang sinabi ni Jesus tungkol sa naging resulta ng kahanga-hangang polinisasyon: "Kumuha kayo ng aral mula sa mga liryo sa parang, kung paano sila tumutubo; hindi sila nagpapagal, ni nag-iikid man; ngunit sinasabi ko sa inyo na kahit si Solomon sa kaniyang buong kaluwalhatian ay hindi nagayakan na gaya ng isa sa mga ito."—Mateo 6:25, 28, 29.

Dahil sa polinisasyon, ang mga halaman ay lumalago at namumunga ng mga pagkaing kailangan natin. Oo, maaaring nahihirapan ang ilan dahil sa polen, pero tayong lahat ay dapat magpasalamat sa masisipag na tagapagdala ng polen na namumudmod ng alabok na ito ng buhay. Nakadepende nang malaki ang tagumpay ng pag-aani sa kahanga-hangang likas na prosesong ito na nagpapatunay sa kamangha-manghang gawa ng ating Maylalang.

# Mas Nagtatagal Kaysa sa Sining

AYON SA SALAYSAY NI **RAKEL KOIVISTO**

**Noong 1950, nanalo sa isang pambansang paligsahan ang aking mungkahi para sa isang monumentong nagpaparangal sa mga namatay noong Digmaang Pandaigdig II. Pagkalipas ng isang taon, sa isang pormal na seremonya sa Tuusula, Finland, iniharap sa madla ang napakalaking granitong monumento na ginawa ko, pero wala ako roon. Hayaan mong ipaliwanag ko kung bakit.**



*Habang inuukit ko ang granitong monumento*

ISINILANG ako noong 1917, at ako ang bunso sa walong magkakapatid. Nakatira kami sa isang nayon sa timugang Finland. Bagaman mahirap lamang kami, maligaya naman ako at panatag. Maaasahan at may takot sa Diyos ang mga magulang ko, at tinuruan nila kaming magpahalaga sa espirituwal na mga bagay. May malaking paggalang ang aming pamilya sa Bibliya na binili ni Itay.

Noong bata pa ako, umuukit na ako ng maliliit na estatuwa mula sa kahoy. Gandang-ganda ang mga kamag-anak ko sa aking mga ginawa, kaya hinimok nila akong mag-aral ng sining. Nang dakong huli, tinanggap ang aking aplikasyon sa University of Industrial Arts sa Helsinki. Para sa isang batang probinsiyana, kahanga-hanga ang kapaligiran sa napakahusay na paaralang ito, na siyang sentro ng sining sa Finland, kaya wiling-wili ako rito. Noong magtapos ako noong 1947, inakala kong makapag-iiwan ako sa daigdig na ito ng isang bagay na magtatagal.

### Malaking Pagbabago

Pagkatapos ay lubhang nagbago ang aking mga tunguhin. Isang araw, nilapitan ako ni ate Aune at tuwang-tuwang sinabi, “Nakita ko na ang katotohanan!” Tinanggap niya ang aklat na *“Hayaang ang Diyos ang Maging Tapat,”* na inilathala ng mga Saksi ni Jehova. Hindi ko ito pinansin. Di-nagtagal pagkatapos nito, nakita ko ang kapuwa ko estudyante sa unibersidad na hawak ang aklat ding iyon. Nang pagtawanan ko iyon, pagalit na sinabi niya: “Huwag mong pagtawanan ang aklat na ito! Matutulungan ka nito na maunawaan ang Bibliya.” Kinuha ko ang aklat at binasa ito nang isang upuan lamang. Mula noon, hindi ko na ito pinagtawanan; sa katunayan, kumbinsido ako na nasa mga Saksi ang katotohanan. Naisip ko rin na inalukan ako ng Diyos na Jehova ng isang bagay na hindi maibibigay ng sining—walang-hanggang buhay.

Noong una kong makausap ang mga Saksi, hindi nila ako inanyayahan sa kanilang mga pulong. Dahil dito, inakala kong para lamang sa mga Saksi ang mga pulong. Kaya ako na ang kusang nagtanong sa kanila kung puwede akong dumalo. Tuwang-tuwa ako na malamang bukás pala sa publiko ang mga Kristiyanong pagpupulong. Dahil sa pagdalo ko sa mga pulong, tumibay ang aking

pananampalataya, at nagpasiya akong ialay ang aking buhay kay Jehova. Ipinaalam ko sa madla ang pasiyang ito noong Nobyembre 19, 1950, nang mabautismuhan kaming magkapatid. Tuwang-tuwa kami na nang dakong huli ay naging mga Saksi rin ang aming apat pang mga kapatid na babae at ang aming mahal na mga magulang.

### Anong Karera ang Dapat Kong Piliin?

Noong nakikipag-aral ako ng Bibliya sa mga Saksi, gumaganda na ang aking karera sa sining. Nang magtapos ako sa paaralan sa sining, nagtrabaho ako bilang *assistant* ng isang propesor ng eskultura. Pagkatapos, gaya ng binanggit sa pasimula, nanalo sa isang pambansang paligsahan ang aking ideya para sa monumentong nagpaparangal sa mga namatay noong Digmaang Pandaigdig II. Iminungkahi ko na tawagin itong "Ang Landas na Walang Balikan," na nagpapakitang nagbago na ang aking saloobin hinggil sa digmaan. (Isaias 2:4; Mateo 26:52) Nang iharap sa madla ang estatuwa, na may taas na limang metro, hindi ako pumunta sa seremonya dahil ito ay makabayan at hindi kasuwato ng aking mga paniniwalang salig sa Bibliya.

Habang nakikilala ako sa larangan ng sining, marami ang nag-aalok sa akin ng magagandang trabaho. Pero sinuri ko ang aking mga priyoridad. Bagaman mahal ko ang aking trabaho, mas matimbang sa akin ang pagtulong sa iba sa espirituwal na paraan. Kaya noong 1953, nagsimula akong maglingkod bilang payunir, na siyang tawag sa buong-panahong mga ebanghelisador ng mga Saksi ni Jehova.

Kung minsan, may nagsasabi sa akin na sinasayang ko lamang ang aking kakayahan. Pero napag-isip-isip kong hindi magtatagal ang mga nagawa ko bilang eskultor. Maging ang mga monumentong gawa sa granito ay madudurog lamang sa kalaunan. Subalit bilang payunir, magagamit ko ang malaking bahagi ng aking panahon sa pagtulong sa iba upang makamit ang buhay na walang hanggan! (Juan 17:3) Pero hindi ko naman kinalimutan ang pagiging eskultor. Paminsan-minsan, gumagawa pa rin ako ng maliliit na pigurin bilang libangan at ipinagbibili ko ang mga ito upang suportahan ang aking sarili.

### Paglipat sa Probinsiya

Noong 1957, pagkatapos ng apat na taóng pagpapayunir sa Helsinki, inanyayahan ako ng tanggapang pansangay ng mga Saksi ni Jehova sa Finland na maglingkod sa Jalasjärvi, isang bayan sa rehiyon ng Timugang Ostrobothnia. Makakasama ko roon si Anja Keto, na mas bata sa akin nang 17 taon. Bagaman hindi ko kilala si Anja, malugod kong tinanggap ang atas at sumama ako sa kaniya. Kaming dalawa lamang ang Saksi sa lugar na iyon noon, kaya halos palagi kaming magkasama sa ministeryo. Di-nagtagal, naging matalik kaming magkaibigan.

Ang paglipat sa Jalasjärvi ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng simpleng buhay na siyang dati kong buhay bago ako naging bahagi ng pangkat ng mga dalubsining sa kabisera 20 taon na ang nakalilipas. Matindi ang taglamig sa Jalasjärvi, at may mga panahong kailangan naming lumusong sa niyebe na umaabot hanggang balakang namin. Maliit lamang at napakasimple ng aming bahay. Umiigib kami ng tubig sa kalapit na bukal, at kung minsan, ang tubig na dinala namin sa loob ng bahay ay nagiging yelo kinagabihan. Pero hindi kami nagkulang sa aming mga pangangailangan. (1 Timoteo 6:8) Masaya kami at palaging abala.

### Abala sa Kasiya-siyang Gawain

Noong pasimula, waring hindi matagumpay ang aming pagsisikap dahil hindi pabor sa amin ang mga tagaroon. Upang maunawaan nila ang aming gawain, ipinalabas namin ang mga pelikulang ginawa ng mga Saksi ni Jehova, gaya ng *The New World Society in Action* at *The Happiness of the New World Society.* Dahil dito, naging pamilyar sila sa aming gawain at organisasyon, at natulungan silang makita ang positibong mga epekto ng aming gawain sa mga tao sa buong daigdig. Marami ang nakapanood ng mga palabas na ito.

Minsan, ipinalabas ni Eero Muurainen, isang naglalakbay na tagapangasiwa ng mga Saksi ni Jehova, ang pelikulang *The New World Society in Action* sa isang bulwagan sa komunidad. Punung-puno ng tao ang lugar anupat halos wala akong mapuwestuhan kahit sa kasuluk-sulukan ng bulwagan. Kinailangan kong sumandal sa pader at isang paa ko lamang ang nakatapak sa sahig dahil wala nang lugar para sa isa ko pang paa. Nang matapos ang pelikula, marami ang lumapit sa amin at humiling na dalawin namin sila.

Gumamit din kami ng malaking *tape recorder* upang patugtugin ang mga pahayag sa Bibliya sa mga bahay sa bukid. Minsan, napagkasunduan naming patugtugin ang isang pahayag sa ganap na

7:00 n.g. sa bahay ng isang pamilya, at inanyayahan namin ang buong bayan na pumunta roon. Noong araw na iyon, maagang-maaga pa ay namisikleta na kami upang mangaral sa isang nayon mga 25 kilometro ang layo, na iniisip na may panahon pa kaming mangaral at makauwi bago gumabi. Pero nang umalis kami sa nayon, puro putik na ang daan dahil sa ulan.

Nang dakong huli, punung-puno na ng putik ang aming mga bisikleta anupat kinailangan naming buhatin ang mga ito pauwi. Dahil dito, gabing-gabi na nang makaalis kami sa bahay papunta sa isinaayos naming pagtitipon. Dinala namin ang mabigat na *tape recorder* at dumating kami nang 10:00 n.g. Akala talaga namin ay wala na kaming daratnan. Pero nagulat kami nang makita namin ang bahay na punung-puno ng mga taganayon na naghihintay sa amin! Pagkatapos ng pahayag, nagkaroon ng masiglang talakayan. Bagaman madaling-araw na kaming nakauwi at pagod na pagod, masayang-masaya naman kami!

Napakalayo ng pagitan ng mga nayon, kaya tinulungan kami ng mga Saksi sa lugar na iyon na bumili ng kotse—isang lumang sasakyan na gawa sa Russia. Naging mas maalwan ang aming pangangaral. Nang maglaon, naging kilala ito dahil noong dumalaw sa rehiyon ang obispo ng diyosesis, sinabihan niya ang mga parokyano na huwag kaming tanggapin sa kani-kanilang bahay. Binanggit niya ang dalawang babaing may asul na kotse. Nagkaroon agad ng epekto sa mga tao ang babala. Gusto nilang malaman kung sino ang dalawang babaing ito at kung bakit napakapanganib nila! Dahil sa kanilang pagkamausisa, dumami ang nais makipag-usap sa amin hinggil sa Bibliya at naging positibo ang resulta nito. Talagang totoo ang sinabi ni Isaias: "Anumang sandata na aanyuan laban sa iyo ay hindi magtatagumpay."—Isaias 54:17.

Nang maglaon, nagbunga rin ang aming gawain. Nagsimula kaming magdaos ng lingguhang mga pagpupulong kasama ang isang maliit na grupo ng mga interesado. Lumaki ang aming grupo, at noong 1962, nabuo ang isang kongregasyon na may 18 Saksi, na ang karamihan ay mga babae. Pagkalipas ng dalawang taon, inilipat kami ni Anja sa bayan ng Ylistaro, sa rehiyon ding iyon.



***Kasama si Anja (kaliwa), noong 1957***

### Isang Kapaligirang Nagbibigay ng Inspirasyon

Nasiyahan kami sa ganda at mapayapang kapaligiran ng aming bagong atas, pero mas natuwa kami sa mga tao. Sa pangkalahatan, sila ay mapagpatuloy at palakaibigan. Totoo, marami ang napakarelihiyoso at labis na makabayan, at kung minsan ay pagalit nila kaming itinataboy; pero may mga nagpakita rin ng matinding paggalang sa Bibliya. Maraming beses na kapag inilalabas namin ang Bibliya, humihinto ang mga babae sa kanilang gawaing-bahay para makinig at inaalis ng mga lalaki ang kanilang mga sombrero—na bihirang-bihira nilang alisin sa kanilang ulo. Kung minsan, kapag nagdaraos kami ng pag-aaral sa Bibliya, ang buong pamilya, at maging ang mga kapitbahay, ay sumasali sa pag-aaral.

Nagsilbing inspirasyon ko sa aking gawang-sining ang taimtim at tapat na mga taong nakakausap ko sa aking paglilingkod. Kapag may panahon ako, kumukuha ako ng luwad at gumagawa ako ng mga eskultura. Yamang noon pa ma'y nawiwili na ako sa magaganda at katawa-tawang mga katangian ng tao, halos lahat ng estatuwang ginawa ko ay mga tao. Marami sa mga ito ay mga babaing nagtatrabaho sa bahay. Sinabi ng isang artikulo sa isang magasin na kapag tinitingnan ng isa ang aking mga pigurin, siya ay "nakadarama ng



*Kasama si Anja (kanan) ngayon*

kapayapaan ng isip at kapanatagan, narerelaks at natatawa." Sinabi rin ng artikulo na nagawa ko ang mga ito "dahil sa pag-ibig [ko] sa tao at dahil sa [aking] kakayahan sa sining." Pero tiniyak ko na hindi ako nagpapakaabala sa sining. Nanghawakan akong mahigpit sa aking pasiya na maglingkod kay Jehova nang buong panahon.

Noong 1973, inalok akong gumawa ng isang eskultura na hinding-hindi ko matanggihan. Hinilingan akong gumawa ng isang malaking eskulturang gawa sa luwad na ilalagay sa bagong *lobby* ng tanggapang pansangay ng mga Saksi ni Jehova sa Vantaa, Finland. Ilalarawan nito ang sinasabi sa Awit 96:11-13. Tuwang-tuwa ako na magamit ang aking kakayahan sa pagpuri kay Jehova!

Yamang gumawa lamang ako ng mga pigurin pangunahin na bilang libangan noong nagpapayunir ako, nagulat ako na noong huling bahagi ng dekada ng 1970, binigyan ako ng pensiyon bilang isang dalubsining. Siyempre, nagpapasalamat ako sa pinansiyal na tulong na iyon, pero naisip ko, 'Ito lamang pala ang matatanggap ko kung sakaling iniukol ko ang aking buhay sa sining. Kaunting pera lamang para sa aking pagtanda.' Kayliit nga nito kung ihahambing sa gantimpalang buhay na walang hanggan!—1 Timoteo 6:12.

### Balik sa Lunsod

Noong 1974, nagkaroon ng malaking pagbabago sa aming buhay at ministeryo. Inatasan kaming maglingkod sa Turku, isang malaking lunsod. Noong panahong iyon, maraming bagong apartment ang itinatayo, at kinailangan ang karagdagang mga mamamahayag ng Kaharian dahil sa pagdami ng tao. Noong una, hindi kami gaanong natuwa sa aming bagong atas sa lunsod. Tila mas mahirap mangaral sa mga tagalunsod, dahil marami sa kanila ang walang interes sa katotohanan. Pero unti-unti, nasanay na rin kami sa bagong teritoryong iyon, at marami kaming nasumpungang nagpapahalaga sa mga katotohanan sa Bibliya.

Sa loob ng maraming taon, nagkapribilehiyo kami ni Anja na tulungan ang mahigit 40 katao na mag-alay ng kanilang buhay kay Jehova. Kaylaking kagalakan ang naidudulot sa aming puso ng mga espirituwal na anak na ito! (3 Juan 4) Nitong nakalipas na mga taon, humina ang aking pangangatawan, pero lalo kong nadama ang pag-alalay ni Jehova, ang pag-ibig ng kongregasyon, at ang "tulong na nagpapalakas" mula sa aking minamahal na kasama sa pagpapayunir, si Anja. (Colosas 4:11; Awit 55:22) Nang makilala ko si Anja halos 50 taon na ang nakalilipas, hindi namin akalain na ang aming pagtatambal bilang payunir ay tatagal nang habang buhay.

Binanggit ng isang popular na kasabihan, "Maikli ang buhay pero walang hanggan ang sining." Subalit hindi iyan ang prinsipyo ko sa buhay. Sumasang-ayon ako sa mga salita ni apostol Pablo sa 2 Corinto 4:18: "Ang mga bagay na nakikita ay pansamantala, ngunit ang mga bagay na di-nakikita ay walang hanggan." Ang lahat ng kasiyahang natamasa ko bilang dalubsining—"ang mga bagay na nakikita"—ay pansamantala lamang. Hinding-hindi maihahambing ang mga ito sa kagalakang natamo ko sa paglilingkod kay Jehova, at hindi nito kayang magbigay ng buhay na walang hanggan. Laking pasasalamat ko na iniukol ko ang aking buhay sa "mga bagay na di-nakikita," mga bagay na mas nagtatagal kaysa sa sining!

**SA SUSUNOD NA ISYU**

- **Pagharap sa Daigdig na Hindi Patas ang mga Oportunidad**
- **Itinadhana ba ang Iyong Buhay?**
- **Siya Na ba Talaga ang Para sa Akin?**



# ISANG MARINGAL NA Monolito

MULA SA MANUNULAT NG *GUMISING!* SA **CANADA**

SA LOOB ng maraming siglo, ginamit ito ng mga mangingisda at nabigante bilang maaasahang palatandaan ng lugar. Palibhasa'y nababanggit sa mga akda at gawang-sining ng mga makata, manunulat, at dalubsining, nananatili itong buháy sa alaala ng marami. Inilarawan ng isang reperensiya ang monolitong ito, o malaking bato, bilang "mahiwaga at kahali-halina." Sa dulong silangan ng Gaspé Peninsula sa Gulpo ng St. Lawrence, makikita ang maringal na Percé Rock sa maasul at kumikinang na tubig ng Karagatang Atlantiko. Ang malaking batong ito ay 430 metro ang haba, mga 90 metro ang lapad, at mahigit 88 metro ang taas.

Noon, inaakyat ng matatapang na tagaroon ang matarik na monolitong ito upang manguha ng mga itlog sa mga pugad ng ibon. Pero upang maingatan at maprotektahan ang monolito gayundin ang mga ibong nanganganlong dito, ipinagbawal ng pamahalaan ng Quebec noong 1985 ang panghuhuli ng mga ibon at pangunguha ng mga itlog sa Percé Rock at sa kalapit na Isla ng Bonaventure. Ang Isla ng Bonaventure ay ikalawa sa pinakamalaking lugar sa daigdig kung saan nanganganlong at nagpaparami ang mga ibong *northern gannet.*

Sinasabi ng ilan na ang Percé Rock noon ay karugtong ng kontinente at may apat na arko. Subalit sa ngayon, may isang arko na lamang ito—mahigit 30 metro ang lapad—na makikita sa dulo ng monolito na nakaharap sa laot. Kapag mababa ang tubig, lumilitaw ang buhanginan na nagdurugtong sa malaking batong ito at sa dalampasigan. Sa loob ng apat na oras na mababa ang tubig, nakapaglalakad ang malalakas ang loob sa paanan ng bato habang hinahampas sila ng alon sa loob ng 15 minuto hanggang sa marating nila ang arko.

Pero dapat mag-ingat ang mahihilig makipagsapalaran. Ganito ang inilahad ng isang turista na tumuntong at gumapang sa nahulog na mga bato para marating ang arko: "Halos sa bawat sandali, maririnig mo ang nakakatakot na tunog ng mga batong bumabagsak sa tubig, na parang maliliit na bombang sumasabog. At kapag tumama naman ang mga bato sa ibang bato, para itong putok ng baril."

Gaya ng napansin ng maraming turista, talagang makapigil-hininga ang ganda ng Percé Rock. Pero isa lamang ito sa maraming mariringal na tanawin na makikita sa ating kawili-wiling lupa. Napakarami at sari-sari nga ang mga ito! Kapag nakikita mo ang mga ito, marahil ay nauudyukan ka ring 'tumigil at magbigay-pansin sa mga kamangha-manghang gawa ng Diyos.'—Job 37:14.

© Mike Grandmaison Photography ▶



MULA SA MANUNULAT NG *GUMISING!* SA **BRITANYA**

# Pagtitina ng Tela
## NOON AT NGAYON

NAPANSIN mo ba ang epekto ng kulay sa ating damdamin? Hindi nga kataka-taka na sa buong kasaysayan, nagustuhan na ng mga tao na kulayan ang mga tela sa pamamagitan ng prosesong tinatawag na pagtitina.

Kapag bumibili tayo ng damit at muwebles o ng materyales na gagamitin sa paggawa nito, hindi natin gustong mawala o kumupas ang mga kulay nito. Upang malaman kung anong proseso ang ginagamit para hindi kumupas ang mga tela at kung paano sumulong ang tradisyonal na pagtitina, pinuntahan namin ang SDC Colour Museum sa Bradford, sa hilaga ng Inglatera.* Nakita namin doon ang ilang di-pangkaraniwang kemikal na ginagamit na pantina sa loob ng maraming siglo.

### Mga Tinang Ginamit Noon

Hanggang noong ikalawang bahagi ng ika-19 na siglo, ang lahat ng kemikal na ginagamit sa pagtitina ng mga tela ay nagmula sa likas na mga bagay gaya ng mga halaman, insekto, at kabibi. Halimbawa, ang halamang *woad* ay naglalabas ng asul na tina **(1)**, dilaw na tina ang halamang *weld* **(2)**, at pulang tina naman ang halamang *madder.* Ang itim na tina ay nagmumula sa punong *logwood,* at makukuha naman sa isang tulad-lumot na halaman na tinatawag na *archil* ang lilang tina. Ang kabibing *murex* ay naglalabas naman ng napakamahal na tina, na kilala bilang *Tyrian purple* o matingkad na kulay-ube **(3)**. Ang tinang ito ay ginamit sa damit ng mga Romanong emperador.

Bago pa ang panahon ng mga Romanong emperador, ang mga prominente at mayayaman ay nagsusuot na ng mga damit na kinulayan ng tina na gawa sa likas na mga kemikal. (Esther 8:15) Halimbawa, ang pulang tina ay gawa sa kemikal mula sa babaing insekto na *kermes* **(4)**. Lumilitaw na ito ang pinagmulan ng iskarlatang kokus na tina na ginamit sa mga telang nasa tabernakulo ng sinaunang Israel at sa kasuutan ng mataas na saserdote ng Israel.—Exodo 28:5; 36:8.

### Ang Proseso ng Pagtitina

Ipinakikita ng mga eksibit sa Colour Museum na karamihan sa mga proseso ng pagtitina ay masalimuot at hindi lamang basta paglulubog ng sinulid o tela sa tina. Kadalasan, kasama sa proseso ang paglalagay ng *mordant,* isang kemikal na ginagamit para kumapit ang tina sa tela. Sa pamamagitan nito, sinisipsip ng tela ang tina at hindi na ito kumukupas kahit mabasa. Maraming kemikal ang ginagamit na *mordant* at ang ilan ay delikadong gamitin.

Ang ilang proseso ng pagtitina ay naglalabas ng mabahong amoy. Ang isa sa mga ito ay ang mahaba at masalimuot na prosesong ginagamit noon sa paggawa ng *Turkey red.* Ang prosesong ito ay ginagamit sa koton at nagbibigay ng matingkad na pulang kulay, na hindi kumukupas kahit maara-

* Pinag-aaralan ng SDC—Society of Dyers and Colourists—ang siyensiya ng pagkukulay.




Larawan 1-4: Courtesy of the Colour Museum, Bradford (www.colour-experience.org)



wan, labhan, o gamitan ng *bleach.* May pagkakataon na ang proseso ay dumaan sa 38 iba't ibang yugto at inabot nang apat na buwan! Ang ilan sa pinakamagagandang telang nakadispley sa museo ay yaong ginamitan ng tina na *Turkey red* **(5)**.

### Ang Pasimula ng Sintetikong Tina

Ang unang tina na hindi mula sa likas na mga kemikal ay natuklasan ni William Henry Perkin noong 1856. Ipinaliliwanag ng isang eksibit kung paano nadiskubre ni Perkin ang *mauve,* isang tina na matingkad na kulay-ube. Sa dulo ng ika-19 na siglo, nakagawa ng maraming iba pang sintetikong tina na may matitingkad na kulay. Sa ngayon, mahigit sa 8,000 uri ng sintetikong tina ang ginagawa **(6)**. Ang tanging tina na gawa sa likas na kemikal na ginagamit hanggang sa ngayon ay yaong gawa sa *logwood* at *cochineal.*

Ipinaliwanag ng Colour and Textiles Gallery ng Colour Museum ang pantanging mga prosesong ginagawa sa ngayon upang kulayan ang sintetikong mga tela, gaya ng rayon. Ang *viscose rayon,* ang pinakapopular na uri ng rayon sa ngayon, ay unang ginawa noong 1905 para ipagbili. Dahil magkahawig ang mga kemikal na bumubuo sa *viscose rayon* at sa koton, puwedeng gamitin sa mga telang ito ang karamihan sa mga tina noon. Pero kinailangang gumawa ng mga bagong tina para sa makabagong sintetikong mga tela gaya ng *acetate rayon,* polyester, naylon, at *acrylic fiber.*

### Hamon sa Paggawa ng Tinang Hindi Kumukupas

Kapag bumibili tayo ng damit o tela, ayaw nating kumupas ang mga ito. Gayunman, marami ang kumukupas kapag ibinilad sa araw o paulit-ulit na nilabhan, lalo na kung ginamitan ito ng sabong panlaba. Kung minsan, kumukupas ang ilang tela dahil sa pawis o nagbabago ang kulay kapag nilabhan kasama ng iba pang mga damit. Ang pagkupas ng kulay sa paglalaba ay nakadepende sa lakas ng kapit ng tina sa tela. Ang paulit-ulit na paglalaba at ang epekto ng sabong pantanggal ng mantsa ay nagpapahina sa kapit ng tina sa tela, kung kaya kumukupas ito. Sinusubukan ng mga gumagawa ng tina ang kanilang mga produkto kung hindi ito gaanong kukupas kahit ibilad pa sa araw, labhan, gamitan ng sabon, at mapawisan.

Dahil sa paglilibot na ito, nagkainteres kaming alamin kung anong uri ng tela ang ginagamit sa aming mga damit. Pero higit pa riyan, marami kaming natutuhan hinggil sa kahanga-hangang mga prosesong ginagamit upang manatili ang kulay ng ating mga damit kahit paulit-ulit itong labhan.

5



6



Larawan 5: Courtesy of the Colour Museum, Bradford (www.colour-experience.org);
Larawan 6: Clariant International Ltd., Switzerland



ANG PANGMALAS NG BIBLIYA

# Ano ang Kahulugan ng Pagiging Kristiyano?

"SA AMING bansa, ang pagiging Kristiyano ay nangangahulugan ng pagsisimba minsan sa isang linggo," ang sabi ni Kingsley, na nagmula sa isang bansa sa Aprika. Ganito naman ang paliwanag ni Raad, na nagmula sa Gitnang Silangan: "Sa aming pamayanan, itinuturing ang mga Kristiyano bilang isang grupo na sumusunod sa mga kostumbre at tradisyon ng Kanluran pagdating sa pananamit, mga kapistahan, at pakikitungo sa mga babae."

Pero ang pagiging Kristiyano ba ay nangangahulugan ng basta pagsisimba lamang minsan sa isang linggo at pagsunod sa ilang kostumbre at tradisyon? Hindi ba't makatuwirang isipin na ang salitang "Kristiyano" ay dapat tumukoy sa paraan ng pamumuhay na ang saloobin, pamantayan, at paggawi ay yaong nakikita sa mga turo at halimbawa ni Kristo?* Paano ba isinagawa ang Kristiyanismo noong una?

* Ayon sa isang diksyunaryo, ang Kristiyano ay isa na nag-aangking naniniwala kay Jesus bilang Kristo o isa na ang relihiyon ay nakasalig sa buhay at mga turo ni Kristo.

### Sinaunang Kristiyanismo—Isang Paraan ng Pamumuhay

Ganito ang sinabi ni Jesus sa kaniyang mga tagasunod: "Kayo ay mga kaibigan ko kung ginagawa ninyo ang iniuutos ko sa inyo." (Juan 15:14) Yamang may epekto ang mga turo ni Jesus sa lahat ng pitak ng kanilang buhay, sa pasimula ay tinukoy ng mga alagad ni Kristo ang kanilang relihiyon bilang ang "Daan." (Gawa 9:2) Di-nagtagal pagkatapos nito, sila ay "unang tinawag na mga Kristiyano . . . sa pamamagitan ng patnubay mula sa Diyos." (Gawa 11:26) Ang bagong pangalang ito ay nangangahulugang naniniwala sila na si Jesus ang Anak ng Diyos at na siya ang ginamit upang ipaalam sa mga tao ang kalooban ng kaniyang makalangit na Ama. Ang paniniwalang ito ang nag-udyok sa kanila na sundin ang paraan ng pamumuhay na naiiba sa pamumuhay ng mga tao sa palibot nila.

Napakilos ng mga turo ni Kristo ang kaniyang mga tagasunod na sundin ang mga turo ng Bibliya,

na nangangahulugan ng pag-iwas sa "pakikiapid, karumihan, mahalay na paggawi, idolatriya, pagsasagawa ng espiritismo, mga alitan, hidwaan, paninibugho, mga silakbo ng galit, mga pagtatalo, . . . mga paglalasingan, mga walang-taros na pagsasaya, at mga bagay na tulad ng mga ito." (Galacia 5:19-21; Efeso 4:17-24) Ipinaalaala ni apostol Pablo sa mga Kristiyano sa Corinto na gayon ang ginagawa ng ilan sa kanila noon. Pagkatapos ay idinagdag niya: "Ngunit hinugasan na kayong malinis, ngunit pinabanal na kayo, ngunit ipinahayag na kayong matuwid sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Kristo."—1 Corinto 6:9-11.

Sinabi ni E. W. Barnes sa kaniyang aklat na *The Rise of Christianity:* "Ayon sa unang mga akda [hinggil sa mga Kristiyano], ang Kristiyanismo ay kilala sa pagiging malinis sa moral at masunurin sa batas. Nais ng mga miyembro nito na maging mabuting mamamayan at matapat na mga sakop. Iniiwasan nila ang mga kapintasan at mga bisyo ng paganismo. Pinagsisikapan nilang maging mapayapang mga kapitbahay at mapagkakatiwalaang mga kaibigan. Tinuruan sila na maging matino, masipag at disente. Kung namumuhay sila ayon sa kanilang mga adhikain, sila ay matapat, bagaman nasa gitna sila ng katiwalian at mababang moralidad. Mataas ang kanilang seksuwal na mga pamantayan: iginagalang nila ang buklod ng pag-aasawa at malinis ang kanilang buhay pampamilya." Ganiyan ang mga katangian ng isang Kristiyano noon.

Ang isa pang pagkakakilanlan ng sinaunang Kristiyanismo ay ang pagiging masigasig sa gawaing pag-eebanghelyo. Ganito ang iniutos ni Kristo sa kaniyang mga tagasunod: "Humayo kayo at gumawa ng mga alagad sa mga tao ng lahat ng mga bansa." (Mateo 28:19, 20) Ganito ang sinabi ni Jean Bernardi, isang propesor sa Sorbonne University sa Paris, Pransiya: "Ang [mga Kristiyano] ay lumalabas at nakikipag-usap saanman at kaninuman. Sa mga lansangang-bayan at sa mga lunsod, sa mga liwasan at sa mga bahay. Tanggapin man sila o hindi. Sa mahihirap, at sa mayayaman na napabibigatan ng kanilang mga ari-arian. . . . Naglalakbay sila sa daan, sumasakay sa mga barko, at nagpupunta sa bawat sulok ng lupa."

### Tunay na Kristiyanismo sa Ngayon

Dapat na namumukod-tangi ang mga tunay na Kristiyano sa ngayon dahil sa kanilang paraan ng pamumuhay, gaya noong unang siglo. Kasuwato nito, pinagsisikapan ng mga Saksi ni Jehova na manghawakang mahigpit sa mga simulaing itinatag ng mga unang Kristiyano. Napapansin ng iba ang kanilang pagsisikap na iayon ang kanilang buhay sa mga turo ng Bibliya.

Halimbawa, inamin ng *New Catholic Encyclopedia* na kilala ang mga Saksi ni Jehova bilang "isa sa mga grupo sa daigdig na may pinakamagandang asal." Sinabi naman ng *Deseret News* ng Salt Lake City, Utah, na "itinataguyod [ng mga Saksi ni Jehova] ang buklod ng pamilya at sila ay masipag at tapat na mga mamamayan." Idinagdag pa ng pahayagan: "May mataas na pamantayang moral ang kanilang mga miyembro. Naniniwala sila na ang paninigarilyo, labis na pag-inom, pagabuso sa droga, pagsusugal, seksuwal na imoralidad at homoseksuwalidad ay nakasisira sa relasyon nila sa Diyos. Itinuturo nila ang katapatan at kasipagan."


Dinidibdib din ng mga Saksi ang kanilang pananagutan na maging masigasig na mga ebanghelisador. Ganito ang sinabi ng *New Catholic Encyclopedia* hinggil dito: "Ang pangunahing obligasyon ng bawat miyembro . . . ay magpatotoo hinggil kay Jehova sa pamamagitan ng paghahayag ng Kaniyang nalalapit na Kaharian. . . . Upang maging isang tunay na Saksi, ang isa ay dapat na mabisang mangaral sa paanuman."

Kaya malinaw na ang pagiging miyembro ng isa sa mga relihiyon ng Sangkakristiyanuhan ay hindi nangangahulugang isa ka nang tunay na Kristiyano. Inihula mismo ni Jesus ang pagdami ng huwad na mga Kristiyano. (Mateo 7:22, 23) Inaanyayahan ka ng mga Saksi ni Jehova na alamin at ikapit kung ano ang itinuro ni Jesus. Iyan ang kahulugan ng pagiging Kristiyano. Sinabi ni Jesus: "Kung alam ninyo ang mga bagay na ito, maligaya kayo kung gagawin ninyo ang mga iyon."—Juan 13:17.

**NAPAG-ISIP-ISIP MO NA BA?**

- Sino ang itinuring ni Jesus na mga kaibigan niya?—**Juan 15:14.**
- Anong paggawi ang dapat iwasan ng mga tunay na Kristiyano?—**Galacia 5:19-21.**
- Sa anong gawain dapat makibahagi ang mga Kristiyano?—**Mateo 28:19, 20.**

# *Bakit kaya ako hinihimatay?*



Gustong tingnan ng doktor ang presyon sa aking mata, at para magawa ito, kailangan niyang galawin ang mismong mata ko gamit ang isang instrumento. Alam ko na ang mangyayari. Palagi namang ganoon. Ganito rin ang nangyayari kapag kinukunan ako ng dugo. Kung minsan naman, mapag-usapan lang ang mga nagaganap sa aksidente, ganoon din ang nangyayari—hinihimatay ako.

Ayon sa isang ulat sa Canada, mga 3 porsiyento sa atin ang madalas na hinihimatay kapag nasa gayong mga kalagayan. Kung ganito rin ang problema mo, baka matagal mo nang pinipigil na huwag himatayin pero hinihimatay ka pa rin. Baka sinubukan mo nang pumasok sa banyo upang hindi ka sa harap ng mga tao mahimatay. Pero hindi tama iyon. Baka bigla kang himatayin habang papunta ka sa banyo at masaktan ka. Dahil palagi ko itong nararamdaman, ipinasiya kong alamin ang mga dahilan nito.

Matapos kong kausapin ang isang matulunging doktor at mabasa ang ilang aklat, natuklasan kong ang problema palang ito ay tinatawag na *vasovagal reaction.** Sinasabing ito ay ang pagkakaroon ng problema sa sistema ng katawan na siyang kumokontrol sa daloy ng dugo kapag nagbago ng posisyon, halimbawa'y tumayo ka mula sa pagkakaupo.


Sa ilang pagkakataon, halimbawa, kapag nakakita ka ng dugo o nagpasuri ng mata, ang bahagi ng iyong sistema ng nerbiyo na kumokontrol sa paghinga, pagtibok ng puso, at iba pa, ay gumagana na parang nakahiga ka, gayong ang totoo ay nakaupo ka o nakatayo. Sa pasimula, karaniwan nang bibilis ang pintig ng iyong puso dahil sa kaba. Pagkatapos ay biglang babagal ang iyong pulso at lálakí ang mga ugat sa iyong mga binti. Dahil dito, ang suplay ng dugo ay darami sa iyong mga binti at mangangaunti naman sa iyong ulo. Magkukulang sa oksiheno ang iyong utak, at hihimatayin ka. Paano mo ito maiiwasan?

**Makatutulong ang paghiga habang sinusuri ka o ginagamot**

Huwag kang titingin kapag kinukunan ka ng dugo, o kaya naman ay mahiga ka. Gaya ng nabanggit, kapag nagsisimula na ang *vasovagal reaction,* madalas na mararamdaman mo ito. Kaya karaniwan nang may magagawa ka pa para hindi ka tuluyang himatayin. Maraming doktor ang nagrerekomenda na mahiga ka at itaas ang iyong mga paa sa silya o sa dingding. Maiiwasan nitong tumigil ang dugo sa iyong mga binti, at sa gayon ay hindi ka hihimatayin. Sa loob lamang ng ilang minuto, malamang na bubuti ang pakiramdam mo.

Kung nakatulong sa iyo ang impormasyong ito gaya ng naitulong nito sa akin, alam mo na ang mga sintomas ng *vasovagal reaction.* Sa gayon ay makagagawa ka ng paraan upang mapigilan ito.—*Ipinadala.*

* Ang *vasovagal* ay tumutukoy sa nangyayari sa mga daluyan ng dugo ng isang mahabang nerbiyo na tinatawag na *vagus nerve.* Ang salitang Latin na *vagus* ay nangangahulugang "palipat-lipat."



**Ang mga Kabataan ay Nagtatanong . . . Bakit Ko ba Kailangang Magbasa?** (Mayo 2006) Ako ay 15 taóng gulang, at talagang nakatulong sa akin ang artikulong ito. Dinala ko sa paaralan ang magasin at napansin ito ng aking titser. Sa panahon ng klase, tinalakay niya ang tungkol sa mga kaugalian sa pagbabasa at ipinakita niya ang *Gumising!* sa aking mga kaklase. Sinabi niyang nasiyahan siya nang husto sa artikulo, at inirekomenda niya ito sa lahat ng naroroon.

***D.A.C., Brazil***

Noon, ang binabasa ko lamang sa magasin ay ang mga paksang gusto ko. Ngayon, talagang pinagsisikapan kong basahin ang bawat artikulo, kahit sa simula'y waring hindi ito kawili-wili para sa akin. Iyon pala ang mga artikulong magiging paborito ko. Maraming salamat.

***E. G., Estados Unidos***

Natuwa akong malaman na may mga kabataan ngayon na katulad ko. Nabautismuhan ako sa edad na 14 at ngayon ay 40 anyos na ako. Noong malapit na akong mabautismuhan, nakaugalian ko na ring bumasa araw-araw ng ilang pahina ng *Ang Bantayan* o *Gumising!* Sa palagay ko, dahil dito kung kaya nabasa ko ang lahat ng artikulo at napanatili ko ang aking espirituwalidad.

***S. O., Hapon***

**Michael Servetus—Nag-iisa sa Paghahanap ng Katotohanan** (Mayo 2006) Salamat sa bago at mahalagang impormasyong nakuha ko mula sa artikulo. Napasigla ako nang husto na patuloy na mangaral at ipagtanggol ang pangalan ni Jehova.

***M. R., Brazil***

Alam ng karamihan na isang prominenteng tao si Servetus sa larangan ng medisina. Pero isiniwalat sa artikulo ang iba pang kahanga-hangang katangian ng iskolar na ito, tulad ng kaniyang sinseridad at paghahanap sa katotohanan. Salamat sa paglalathala ninyo ng artikulong ito.

***M. J., Espanya***

**Malaki ang Nagagawa ng Pakikinig sa Babala** (Hunyo 2006) Napakasarap na maging bahagi ng maibiging organisasyon ni Jehova. Taos-puso kong pinasasalamatan ang lahat ng kapatid na tumulong sa pagkukumpuni ng aking bahay, na lubhang nasira ng Bagyong Katrina. Ang bahay na ito ngayon ay nagpapaalaala sa akin ng pag-ibig ng mga kapatid.

***I. F., Estados Unidos***

**Seda—"Ang Reyna ng mga Hibla"** (Hunyo 2006) Mula sa aking pagkabata, iniisip ko na kung paano ba ginagawa ang seda. Tuwang-tuwa ako nang makita ko ang artikulong ito sa *Gumising!* Talagang nasiyahan ako rito, at pinatindi nito ang paghanga ko sa mga nilalang ni Jehova.

***A. C. L., Brazil***

**Pangunahing mga Babalang Tanda ng Malignant Melanoma** (Hunyo 8, 2005) Dahil sa maykulay na mga larawan na nasa artikulo, nasuri ko ang aking sarili at natuklasan ko ang isang kahina-hinalang itim na nunal na namamaga. Ito pala ay isang malignant melanoma. Mabuti na lamang, naalis kaagad ang melanoma sa pamamagitan ng operasyon bago pa ito lumala. Taos-puso akong nagpapasalamat kay Jehova para sa gayong praktikal na impormasyon.

***K. N., Hapon***

**SAGOT SA PAHINA 31**

**1.** Saserdote. **2.** Levita. **3.** Samaritano. **4.** Ezra, 460 B.C.E. **5.** Ezra, 460 B.C.E. **6.** Pablo, 50-52 C.E. **7.** Rehoboam. —2 Cronica 10:3-14. **8.** Hagar—Galacia 4:22-25.

### Maaari Ka Bang Maging Sugapa sa mga Video Game?

"Ang nangyayari sa utak ng mga taong sobrang maglaro ng mga *computer game* ay katulad ng sa mga alkoholiko o sugapa sa marihuwana." Ganiyan ang sinabi ng sikologong si Ralf Thalemann, ang lider ng isang grupong nagsasaliksik hinggil sa pagkasugapa sa Charité University Hospital, Berlin, sa Alemanya. Ipinapalagay na naglalabas ng maraming *dopamine* ang utak kapag ang isa ay sobrang maglaro ng mga *computer game,* na siyang sanhi ng "pagiging sugapa" niya rito sa bandang huli. Ipinahihiwatig ng isang surbey na maaaring nararanasan ito ng mahigit 10 porsiyento ng mga naglalaro ng mga *video game.*

### Madalas na "Di-panatag at Problemado" ang Mayayaman

"Di-panatag at problemado ang mga milyunaryo," ang sabi ng pahayagang *China Daily* ng Beijing. Isang surbey ang isinagawa sa mga indibiduwal mula sa Silangang Tsina at Timog Tsina na sa katamtaman ay may kayamanang umaabot ng 2.2 bilyong *yuan* ($275 milyon). Natuklasan ng mga mananaliksik na sumuri sa "saloobin [ng mayayaman] hinggil sa relihiyon, pag-aasawa, buhay, karera at pera," na "iniibig at kasabay nito ay kinapopootan ng karamihan sa mga milyunaryo ang pera." Sinabi ng ilang tumugon sa surbey na bagaman nakamit nila ang mataas na kalagayan sa lipunan at ang tagumpay, "pagkadismaya pa rin ang pangunahing naidulot sa kanila ng pera."

### Pagbubukid—Nakabubuti sa mga May Sakit sa Isip

Mahigit 100 eksperto mula sa 14 na bansa ang nagtipon kamakailan sa Stavanger, Norway, upang malaman ang tungkol sa Green Care, isang konsepto ng pinagsamang pagbubukid, pagtuturo, at pangangalaga sa kalusugan. Ayon sa isang istasyon ng radyo at telebisyon na *NRK,* ang ilan na matagal nang may sakit sa isip ay hindi na kailangang iospital nang magsimula silang magbukid. "Nakabubuti [ito] sa isip at katawan." Ang mga magbubukid sa mahigit 600 tradisyonal na bukid sa Norway ay nakikipagtulungan sa Green Care, at dahil dito, nadaragdagan ang kanilang kita.

### Isang Pakinabang sa mga Tore ng Simbahan

"Ang mga simbahan sa New England [sa Estados Unidos] ay nakakita ng solusyon sa lumiliit nilang badyet: pinaupahan nila ang kapansin-pansing mga tore ng kanilang simbahan sa mga kompanya ng mga cell phone na nangangailangan ng lugar para sa kanilang mga *cell site,*" ang sabi ng magasing *Newsweek.* Sa mga kabahayan, limitado ang mga lugar na puwedeng paglagyan ng mga *cell site,* at ayaw ng mga residente na makakita ng nakabalandrang mga antena sa kanilang pamayanan. Kaya naman itinago ng mga kompanya ng mga cell phone ang kanilang mga antena sa mga tore ng simbahan. Ganito ang sinabi ng isang presidente ng kompanyang pinagkukunan ng payo ng mga simbahan: "Tatlong kompanya na ng mga cell phone ngayon ang gumagamit sa unang simbahan na pinaglagyan namin ng antena, at kumikita ang simbahan ng $74,000 taun-taon mula sa upa sa lugar na wala naman talagang gumagamit."



■ Sa nakalipas na dekada, mga 40 milyong magsasakang Tsino ang nawalan ng lupain dahil sa mabilis na urbanisasyon.—*CHINA DAILY,* TSINA.

■ Sa buong daigdig noong 2005, may 28 malalaking digmaan at 11 iba pang maliliit na labanan.—*VITAL SIGNS 2006-2007,* WORLDWATCH INSTITUTE.

■ Isang pangkat mula sa Tokyo Institute of Technology ang matagumpay na nakapagpalipad ng isang napakagaang eroplano na may piloto at may timbang na wala pang 55 kilo at pinaaandar lamang ng mga batiryang ginagamit sa bahay. Ang eroplano ay nakalipad sa taas na 391 metro sa loob ng 59 na segundo.—*MAINICHI DAILY NEWS,* HAPON.

■ Sa mga Olandes na 12 hanggang 20 taóng gulang, na gumagamit ng Internet at nagpupunta sa tinatawag na mga *"profile site"* gamit ang isang *webcam,* "40 porsiyento sa mga lalaki at 57 porsiyento sa mga babae ang iniulat na hinihilingang maghubad o gumawa ng kahalayan sa harap ng *webcam.*"—RUTGERS NISSO GROEP, NETHERLANDS.

## IPALIWANAG ANG TALINGHAGA


Sino ang tatlo sa mga tauhan sa talinghaga ni Jesus na nakaulat sa Lucas 10:29-37? Isulat ang iyong sagot sa ibaba.

1. ....................................

2. ....................................

3. ....................................

■ **Para sa Talakayan:** Ano ang nagustuhan mo sa ikinilos ng Samaritano? Paano ka magiging isang mabuting kapuwa?




## KAILAN ITO NANGYARI?


Sabihin kung sino ang (mga) sumulat ng bawat aklat sa Bibliya na nasa ibaba, at gumuhit ng linya na magdurugtong sa aklat at sa tinatayang petsa kung kailan ito natapos isulat.

................................




4 2 Cronica

................................



5 Ezra

................................



6 Galacia

537 B.C.E. | 460 | 455 | 50-52 C.E. | 66-70 C.E.

## SINO AKO?

**7.** Sumangguni ako kapuwa sa matatanda at sa mga kabataan, pero nakinig lamang ako sa mga kabataan.

................................................

## SINO AKO?

**8.** Itinulad ako ni Pablo sa isang tipan, sa Bundok Sinai, at sa Jerusalem.

................................................

(Nasa pahina 29 ang mga sagot)







## Mga Bata, Hanapin ang Larawan

Mahahanap mo ba ang mga larawang ito sa ibang pahina ng isyung ito? Sa sarili mong salita, sabihin ang nangyayari sa bawat larawan.

## MULA SA ISYUNG ITO

Sagutin ang mga tanong na ito, at isulat ang nawawalang (mga) talata sa Bibliya.

**Pahina 9** Paano magiging katulad ni Noe ang mga naglilingkod sa Diyos? (2 Pedro 2:___)

**Pahina 10** Ano ang mamanahin ng matuwid? (Awit 37:___)

**Pahina 12** Ano ang makapagpapabagal sa iyong galit kapag inihahambing ka sa iba? (Kawikaan 19:___)

**Pahina 26** Paano tayo magiging kaibigan ni Jesus? (Juan 15:___)



# “Napakabisang Gamit sa Pagtuturo!”

Iyan ang isinulat ng isang buong-panahong ministro ng mga Saksi ni Jehova sa Panama tungkol sa *Ano ba Talaga ang Itinuturo ng Bibliya?*—isang 224-pahinang aklat na may makukulay na larawan at ginagamit ng marami ngayon sa pag-aaral ng Bibliya. “Ito ay talagang tuwiran, maayos ang paliwanag, at nakakakumbinsi,” ang isinulat niya. “Ang naiibang paraan ng paggamit sa mga reperensiya at apendise ay agad nagpapasigla sa isa na magsuri pa.”

Ganito naman ang isinulat ng isang guro sa Bibliya na taga-Missouri, E.U.A.: “Gustung-gusto ko ang simpleng paraan ng pagkakasulat nito. Napakalohikal ng pagkakasunod-sunod ng mga paksa.” Kalalabas pa lamang ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya,* dinala agad ito ng guro sa isang babae na dating nag-aaral ng Bibliya pero huminto dahil nasiraan ng loob.

“Hindi pa niya natatapos basahin ang unang kabanata nang tawagan niya ako at sabihing labis siyang nasiyahan sa binabasa niya,” ang kuwento ng guro. Sinabi ng estudyante na ang aklat ay waring isinulat para sa kaniya at gusto niyang ipagpatuloy ang pag-aaral niya ng Bibliya. Binanggit ng guro na matapos nilang pag-aralan ang unang sampung kabanata, tuwang-tuwa siyang makita ang kagalakan ng estudyante sa mga bagay na natututuhan nito.


Bagaman wala pang dalawang taon mula nang ilabas ang aklat na *Itinuturo ng Bibliya,* mahigit sa 50 milyong kopya na ang nailimbag sa mahigit na 150 wika. Maaari kang humiling ng isang kopya kung pupunan mo ang kalakip na kupon at ihuhulog ito sa koreo sa adres na nasa ibaba o sa angkop na adres na nakatala sa pahina 5 ng magasing ito.

☐ Interesado akong tumanggap ng isang kopya ng aklat na ipinakikita rito.

Ilagay kung anong wika.

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

☐ Pakisuyong makipag-ugnayan sa akin tungkol sa isang walang-bayad na pantahanang pag-aaral sa Bibliya.




Pangalan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Adres . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Lunsod . . . . . . . . . . . . . . . . . . Lalawigan . . . . . . . . . . . . ZIP Code . . . . . .

Watch Tower, P.O. Box 2044, 1060 Manila